

LEARNING MODULE

Araling Panlipunan | G9 | Q2

Maykroekonomiks



NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 9

Modyul 2: Maykroekonomiks

Aralin 1: Demand at Supply

Panimula at mga Pokus na Tanong

Madalas ka bang pumunta sa palengke o kaya sa mall para bumili ng iyong kailangan? Kung oo, may mga bagay ka bang isinasaalang-alang bago mo bilihin ang iyong kailangan? Naiisip mo ba kung paano pinepresyohan ng mga nagbibili ang kanilang mga produkto?

Malamang, madalas bago ka bumili ng isang bagay ay inaalang mo muna kung kasya ang iyong badyet o kaya naman ay sinusuri mo muna ang produkto kung ito ba ay tama lang sa presyo o kaya naman, ito ay kinukumpara mo muna sa iba pang nagbibili. Malamang din naiisip mo na ang pagprepresyo ng mga nagbibili ay batay sa kanilang puhunan at inaasahang tubo para sa kanilang kita. Tama ka kung ito ang iyong naiisip.

Ngunit hindi lamang ang presyo ang batayan ng pagbibili at pabili ng produkto. Mahalagang salik din ang demand at suplay. Ngunit ano ang demand at suplay? ***Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?***

Sa modyul na ito ay iyong matutunghayan at malalaman ang mga kasagutan sa mga tanong na ito. Upang higit mong maunawaan ang paksa sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang demand at suplay?
2. Anu-ano ang mga salik na nakakaapekto sa demand at suplay?
3. Anu-ano ang mga pwersa ng demand, suplay at sistema ng pamilihan?
4. Paano maitatakda ang iyong demand sa iyong pang-araw araw na pamumuhay?
5. Paano naaapektuhan ng pagtaas at pagbaba ng suplay ang eekonomiya ng bansa?
6. Bakit mahalaga ang matalinong pagdedesisyon ng sambahayan at bahay-kalakal?
7. Paano makakamit ang kaunlaran sa pamilihan?


MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:

Sa modyul na ito ay iyong matutuhan ang mga sumusunod:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutunan mo ang...
<i>Aralin 1</i>	Demand	<ul style="list-style-type: none"> • Nailalapat ang kahulugan ng demand sa pang araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya. • Nasusuri ang mga salik na nakakaapekto sa demand. • Nakakapagpasya nang matalino sa pagtugon sa mga pagbabago ng salik (factors) na nakakaapekto sa demand. • Naiiugnay ang elasticidad ng demand sa presyo ng kalakal at paglilingkod.
<i>Aralin 2</i>	Suplay	<ul style="list-style-type: none"> • Nailalapat ang kahulugan ng suplay batay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya. • Nasusuri ang mga salik na nakaapekto sa suplay. • Nakapagpapasya nang matalino sa pagtugon sa mga pagbabago ng salik (factors) na nakaapekto sa suplay.

Grapihong Pantulong

Narito ang simpleng mapa ng mga paksang tatalakayin sa modyul na ito:



Inaasahang Kasanayan:

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Magsaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
2. Sagutin ang mga pagsasanay sa araling ito.
3. Makapagsuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, mapa at mga datos.
4. Makapagsulat ng mga paraan kung paano makakatulong sap ag-unlad ng pamilihan.

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutin lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

PANIMULANG PAGTATAYA

1. Ang pinakamainam na depinisyon ng demand ay:
 - A. Dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mga mamimili sa isang partikular na presyo.
 - B. Halaga na gusto at kayang bayaran ng mga mamimili para sa isang partikular na dami ng produkto o serbisyo.
 - C. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gustong bilhin ng mga tao.
 - D. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gusto at kayang bilhin ng mga tao.
2. Ang paggalaw ng kurba ng dmand at suplay ay nagpapakita na pagbbago sa dami ng demand at suplay bunga ng isang salik habang ang ibang salik ay di nagbabago. Ano ang salik na nakapagpapabago sa kurba ng demand at suplay?
 - A. Dami ng nagbibili
 - B. Gastos
 - C. Presyo
 - D. Subsidy

3. Kapag ang presyo ng produkto ay tumataas at ang dami ng demand ay bumaba habang ang ibang salik ay di nagbabago ay tumutukoy sa _____
 - A. Demand
 - B. Batas ng Demand
 - C. Suplay
 - D. Batas ng Suplay

4. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salik ng demand?
 - A. Klima, teknolohiya, kagastusan, espekulasyon
 - B. Kita, teknolohiya, subsidy, buwis
 - C. Okasyon, presyo ng ibang produkto, kita, panlasa
 - D. Ekspestasyon, buwis, teknolohiya, populasyon.

5. Ang grapikong paglalarawan ng direktang relasyon ng presyo at dami ng ipagbibiling produkto habang ang ibang salik ay hindi nagbabago:
 - A. Kurba ng demand
 - B. Iskedyul ng suplay
 - C. Kurba ng suplay
 - D. Punto ng ekwilibriyo

6. Kung ang kape at asukal ay mga produktong magkasamangkinokonsumo, kung bumaba nang malaki ang halaga ng kape, magkakaroon ng:
 - A. Pagtaas sa demand ng asukal.
 - B. Pagtaas sa dami ng asukal na demanded.
 - C. Pagbaba sa demand ng asukal.
 - D. Pagbaba sa dami ng tape na demanded.

7. Kung ang gulay ay produktong maaaring ipalit sa manok at ang manok ay maaaring ipalit sa gulay bilang pagkain, kapag malaki ang ibinaba ng presyo ng gulay, magkakaroon ng:
 - A. Pagtaas sa demand ng manok.
 - B. Pagtaas sa dami ng manok na demanded.
 - C. Pagbaba sa demand ng manok.
 - D. Walang pagbabago sa demand ng manok.

8. Kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, maaaring mong asahan na:
 - A. tataas ang demand ng nasabing produkto.
 - B. ang dami na ipinagbibili ng produkto ay tataas.
 - C. ang dami na ipinagbibili ng produkto ay bababa.
 - D. ang kurba ng suplay ay pupunta sa kanan.

9. Alin sa mga sumusunod na kumpanya ang makapagpapatuloy na magbenta ng mga produkto at kikitita sa mahabang panahon?

Company A Presyo: P 5.50 Sold: 1000 Profit margin: P.10	Company B Presyo: P 12.50 Sold: 425 Profit margin: P 4.10	Company C Presyo: P 25.00 Quantity Sold: 10 Profit margin: P 17.75	Company D Presyo: P 20.00 Quantity Sold: 30 Profit margin: P 10.75
---	---	--	--

- A. Company A
B. Company B
C. Company C
D. Company D
10. Maraming negosyante ang naniniwala na maari lamang silang magtagumpay kung meron siang dadag na pera o di kaya pagkukunan ng pantang. May katotohanan ba ang paniniwalang ito?
- A. Tama sapagkat kung ikaw ay may malaking puhunan mas marami kang magagawang produkto at mas malaki ang kikitain.
B. Tama sapagkat makakatulong ito upang mapalago ang kumpanya.
C. Mali sapagkat nakasalalay sa mga mamimili ang pagkita ng kumpanya.
D. Mali sapagkat ang suliranin ay maaring malutas sa tamang pamamahala.
11. Maya mga salik na nakakaapekto sa pagtaas at pagbaba ng suplay sa pamilihan. Ano ang mangyayari sa suplay ng mga produkto sa mga sumusunod na sitwasyon:
- Sitwasyon A – Nakaroon ng bagyo at baha.
Sitwasyon B – Tumaas ang presyo ng mga hilaw na sangkap.
Sitwasyon C – Bumaba ang bilang ng mga prodyuser.
- A. Walang pagbabago sa suplay ng mga produkto.
B. Mawawala ang suplay ng produkto.
C. Tataas ang suplay ng mga produkto.
D. Bababa ang suplay ng mga produkto.
12. Ang ating bansa ay nakararanas ng iba't ibang suliranin. Bilang isang kabataang Pilipino sa paanong paraan ka makatutulong sa kasalukuyang suliranin ng bansa sa ekonomiya?
- A. Ipahayag ang mga saloobin sa pamamagitan ng mga *rally* at protesta.
B. Pumunta sa ibang bansa upang doon na lamang mag-aral.
C. Isipin at isagawa ang mga natutuhan sa paaralan upang magingng produktibong mamamayan ng bansa.
D. Ipabago ang sistema ng edukasyon ng bansa.

13. Mahalaga at makabuluhan ang pag-aaral ng sistema ng demand at suplay ng mga kabataan. Ano sa palagay mo ang pinakamabuting maidudulot sa iyo ng pagkakaroon ng kaalaman sa demand at suplay?
 - A. Maisasaulo ang mga konsepto sa araling ito upang makapasa sa pagsusulit.
 - B. Maaari kang magsilbing kritiko ng pamahalaan at lipunan.
 - C. Mapag-aaralan ang mga gawi, kilos, at siyentipikong pamamaraan na makatutulong sa pagkakaroon ng matalinong pagdedesisyon sa mga isyung pangkabuhayan ngayon at sa hinaharap.
 - D. Magkaroon ka ng kakayahang makapagturo rin ng araling ito.

14. Malaki ang bahaging ginagampanan ng mga puwersa ng demand at suplay sa kaunlaran pamilihan. Alin sa mga pangungusap ang nagsasaad ng diwang ito?
 - A. Sa tulong ng pagsusuri ng mga sistema ng demand at suplay nauuri ang mga pangkat ng tao sa lipunan.
 - B. Upang tumaas ang ekonomiya ng isang bansa, kailangang sundin nito ang mga sisteman ng demand at suplay.
 - C. Ang paglikha ng mga produktong tutugon sa anumang hilig-pantao ay mahalaga kayat dapat ipagpatuloy and produksyon ng mga ito kahit na masira ang mga yamang likas sa daigdig.
 - D. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng sistema ng demand at suplay, nagkakaroon ang mga mamamayan ng matalinong pagdedesisyon sa mga puwersa ng demand at suplay at sa sistema ng pamilihan.

15. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kalagayan ng ekonomiya ng iyong bansa sa isang pagpupulong ng mga bansa sa APEC na may layuning makahikayat ng dayuhang mamumuhunan sa bansa?
 - A. Babasahin ang progress report ng bansa.
 - B. Mamahagi ng pamphlet na naglalaman ng kalagayan ng ekonomiya ng bansa.
 - C. Magpapakita ng video presentation na nagpapakita ng mga datos ng kaunlaran ng bansa.
 - D. Magpapakita ng power point presentation ng magagandang tanawin at produkto ng Pilipinas.

16. Ikaw ay isang negosyante na nagnanais magtayo ng negosyo sa inyong syudad ngunit hindi mo pa alam kung ano ang produkto o serbisyong ipagbibili. Sa paano mong paraan malalaman ang pangunahing produkto o serbisyo na tinatangkik ng mga tao sa inyong syudad?
 - A. Magsagawa ng survey.
 - B. Manood ng balita.
 - C. Magbasa ng diyaryo.
 - D. Mag-internet

17. Ikaw ay isang opisyal ng isang barangay at naatasang maging *speaker* sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang “May Kaunlaran, Basta’t Sama-Sama Tayo”. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?
- A. Ang mga halimbawang ipakikita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
 - B. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.
 - C. Maglalahad ng mga kuwento sa tunay na buhay ukol sa paksa na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga manonood.
 - D. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani-paniwala ang iyong mga manonood.
18. Ikaw ay isang negosyanteng nagnanais na kumita ng malaki sa iyong negosyo. Ano ang iyong gagawin upang lumaki ang iyong kita?
- A. Lalakihan ang puhunan upang maraming produkto ang magawa.
 - B. Mangungutang ng puhunan upang maparami ang tindahan.
 - C. Iaanunsyo ang produkto upang ito ay makilala ng mga mamimili.
 - D. Magdadagdag ng tauhan upang lumaki ang produksyon.
19. Ang pamahalaan ay nagnanais na makamit ang pambansang pangkaunlaran. Anong programa ang dapat nitong ipatupad?
- A. Programang Pang-agraryo
 - B. Programa sa Pagbuuwis
 - C. Programang Pang-ekonomiya
 - D. Programang Pangkalikasan
20. Ang pagkakaroon ng matalinong pagpapasya sa mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan ay nagdudulot ng kaunlaran nito. Bilang isang prodyuser, anu-ano ang mga siliraning dapat mong lutasin sa produksyon?
- A. Ano ang gagawin? Para kanino gagawin? Gaano karami ang gagawin?
 - B. Ano ang gagawin? Magkano ang gagastusin? Paano ipapamahagi?
 - C. Paano gagawin? Kailan gagawin? Para kanino ang gagawin?
 - D. Ano ang gagawin? Saan gagawin? Gaano karami ang gagawin?



PAGTUKLAS

Ang mga tao at bansa sa daigdig ay nagsusumikap na mapaunlad ang kanilang mga sarili at pamumuhay. Paano nga kaya nila mapapaunlad ang kanilang mga sarili at pamumuhay? Upang iyong matuklasan ang sagot sa katanungan na ito, umpisahan mong sagutan at gawin ang gawain sa ibaba.


GAWAIN 1 Ikaw Ay Mapanuring Mamimili!

Panuto: Pagmasdan ang mga larawanna na nasa ibaba. Suriing mabuti ang mga presyo ng mga ito at sagutan ang mga pamprosesong tanong ukol dito.

MGA ATLETA:

Kobe Bryant

Chris Paul



\$30,453,80

\$18,668,43

MGA KOTSE:

1962 Corvette

2004 Corvette



\$54,450

\$24,500

MGA BATO:

Diyamante



P100, 450

Graba



P10, 000

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Madami ba ang manlalarong kagaya ni James Lebron sa NBA?
Bakit mas mahal ang bayad kay James Lebron kaysa sa ibang pangkaraniwang player?
2. Bakit mas mahal ang 1962 Corvette kaysa sa 2004 Corvette?
3. Bakit mas mahal ang diyamante kaysa sa graba?
4. Batay sa iyong mga kasagutan sa tatlong naunang katanungan, anu-ano ang batayan ng pagprepresyo ng produkto?
5. ***Batay sa iyong mga naging kasagutan sa gawaing ito, paano nakakaapekto ang dami ng kailangan o demand at dami ng produkto o suplay sa pamilihan?***

GAWAIN 2 **Mapa Ng Pagbabago**

Panuto: Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Inisyal na bahagi ng IRF Sheet.

Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?	
Initial:	
Revised:	
Final:	

PAGTATAPOS NG PAGTUKLAS:

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating aalamin ang tamang kasagutan sa tanong na ito sa susunod na bahagi ng aralin. Habang ikaw ay nahahambing ng iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman ay iyong mapagtatanto na ito ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng modyul na ito. Ang iyong magiging proyekto sa modyul na ito ay ang paggawa ng isang advertisement ng isang produkto na siyang kakailanganin upang magawa mo ang proyekto para sa yunit na ito. Ang iyong proyekto sa yunit na ito ay ang gumawa ng Market Plan. Ngayon ay umpisahan na nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng susunod na gawain.



**PAGLINANG/
PAGPAPATIBAY**

Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin kung ano ang demand at suplay. Ang pag-allam sa konsepto ng demand at suplay ay makakatulong sayo upang iyong masagot ang mahalagang katanungan sa modyul na ito na, paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?

Upang iyong malaman ang kasagutan sa mahalagang tanong na ito ay iyong ipagpatuloy na gawin ang modyul na ito.

GAWAIN 3 Tanong Ko! Sagot Mo!

Panuto: Panoorin ang URL link na nasa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba.

<http://www.youtube.com/watch?v=eayXd8ZFH8>

Ito ay video ukol sa demand at suplay


Batay sa video na iyong napanood sagutan ang mga katanungan sa loob ng tsart ukol dito.

MGA TANONG AT SAGOT UKOL SA SUPLAY		MGA TANONG AT SAGOT UKOL SA DEMAND	
TANONG KO!	SAGOT MO!	SAGOT MO!	TANONG KO!
Ano ang suplay?			Ano ang demand?
Anu-ano ang mga salik na tumutukoy sa suplay?			Anu-ano ang mga salik na tumutukoy sa demand?
Batay sa kahulugan ng suplay, ano ang dalawang salik na magkarelasyon sa suplay?			Batay sa kahulugan ng demand, ano ang dalawang salik na magkarelasyon sa demand?
TANONG KO!:			
Ano ang salik na parehas na nakakaapekto sa suplay at demand?			
SAGOT MO!:			
TANONG KO!:			
Batay sa iyong mga kasagutan sa taas, ano ang relasyon ng suplay at demand sa isat-isa?			
SAGOT MO!:			

TANDAAN!

Ang demand ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyong nais at kayang bilhin ng **mamimili** sa iba't ibang alternatibong **presyo** sa isang takdang lugar at panahon. Sa sistema ng **pamilihan**, ang lahat ng produkto ay may demand. Ang suplay naman ay tumutukoy sa dami ng **produkto** o **serbisyo** na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser o tintera sa alternatibong presyo sa isang takdang lugar at panahon. Sa sistema ng pamilihan, mayroong suplay ang iba't ibang produkto na siyang makakatuon sa **pangangailangan** ng tao. Ang dami ng produktong binibili ay kadalasang naaayon sa presyo nito sa pamilihan. Ganun din naman ang suplay. Ang presyo ng produkto at paglilingkod ay nakakaapekto sa kagustuhan ng mga **prodyuser** na magbenta. Ang mga ito ay napapaloob sa **Batas ng Demand** at **Batas ng Suplay**.

Upang iyong malaman kung ano ang **Batas ng Demand** at **Batas ng Suplay**, gawin ang susunod na gawain.



https://encrypted-tbn1.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQKskUH5a5NC_gFLazVTopJrZCXrXeMck1L7foU--XZNp7RhCJ

GAWAIN 4 Imbestigahan Natin!

Panuto: Panoorin at suriin ang nilalaman ng video tungkol sa demand at sagutan ang mga pamprosesong tanong tungkol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=QvGLcCTXk9o>

Ito ay video tungkol sa Batas ng Demand.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa video, suriin ang grapikong representasyon ng demand sa mais. Ilarawan mo ang Kurba ng Demand.
2. Batay sa graph at tsart, ano ang nangyayari sa demand ng mais kapag tumataas ang presyo nito?
3. Ano naman ang nangyayari sa demand ng mais kapag bumababa ang presyo nito?
4. Kung gayon, paano nakakaapekto ang presyo sa demand ng produkto?
5. Batay sa iyong mga kasagutan, ano ang Batas ng Demand?

6. Bakit bumababa ang demand sa produkto kapag tumataas ang presyo nito at kapag naman mababa ang presyo nito tumataas naman ang demand nito?
7. Batay sa iyong mga kasagutan sa gawain na ito, paano nakakaapekto ang demand sa sistema ng pamilihan?

GAWAIN 5 Subukan Mo!

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman kung ano ang Batas ng Demand. Subukan natin ngayon ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito Panoorin ang video tungkol sa Batas ng Demand sa <https://www.youtube.com/watch?v=KGCNeKhLxio>. Matapos mong mapanood ito ay sagutan mo ang gawain sa <http://www.econclassroom.com/wp-content/uploads/2011/09/1.1-Law-of-Demand-practice-activity.pdf>. Idownload ang PDF file na ito at iyong sagutan ang mga gawain dito. Ipasa ang file na naglalaman ng iyong mga kasagutan sa gawain na ito sa email ng iyong guro.

GAWAIN 6 Ikaw Na Ang Negosyante!

Panuto: Ngayong alam mo na ang Batas ng Demand at ang mga konsepto nito subukan na nating alamin ang iyong pagkaunawa paksang ito. Panoorin ang video clip mula sa pelikulang *The Hudsucker Proxy* na nasa ibaba tungkol sa Hula Hoops at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=Ng3XHPdexNM>

Ito ay video clip mula sa pelikulang *The Hudsucker Proxy*

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa video na iyong napanood, bakit nang walang pumapasok sa teatro ay ibinaba kaagad ng may-ari ang halaga ng ticket nito?
2. Kailan itinaas nang may-ari ng teatro ang presyo ng ticket ng palabas?
3. Sa iyong palagay, makatarungan ba ang ginawang pag-taas ng presyo ng ticket? Bakit?
4. Kung ikaw ang may-ari ng teatro, ano ang iyong gagawin upang mabenta ang iyong produkto?
5. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng matalinong desisyon sa kaunlaran ng isang pamilihan?

GAWAIN 7 **Imbestigahan Pa Natin**

Panuto: Ngayong alam mo na ang Batas ng Demand, alamin naman natin ngayon ang Batay ng Suplay. Panoorin ang nilalaman ng video sa ibaba tungkol sa Batas ng Suplay at sagutan ang mga pamprosesong tanong ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=UnVsPER9teQ>

Ito ay video tungkol sa Batas ng Suplay.

<

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Tignan ang grapikong representasyon ng suplay ng manok sa video. Ilarawan mo ang Kurba ng Suplay.
2. Batay sa graph at tsart, ano ang nangyayari sa suplay ng manok kapag tumataas ang presyo nito?
3. Ano naman ang nangyayari sa suplay ng manok kapag bumababa ang presyo nito?
4. Kung gayon, paano nakakaapekto ang presyo sa suplay ng produkto?
5. Batay sa iyong mga kasagutan, ano ang Batas ng Suplay?
6. Bakit bumababa ang suplay sa produkto kapag bumababa ang presyo nito at kapag naman tumataas ang presyo nito tumataas din ang suplay nito?
7. Batay sa iyong mga kasagutan sa gawain na ito, paano nakakaapekto ang suplay sa sistema ng pamilihan?

GAWAIN 8 **Suriin Natin**

Panuto: Suriin ang interactive graph sa URL link na nasa ibaba. Batay sa interactive graph, video na napanood at mga impormasyong iyong nakalap sa nakaraang gawain, sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<http://dineshbakshi.com/interactive-graphs/1361-demand-and-supply-curves-interactive-graphs>

Ito ay interactive graph na nagpapakita ng kurba ng demand at suplay.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa grapikong representasyon ng Kurba ng Demand at Suplay, ilarawan mo ang pinagkaiba nito?
2. Batay din sa grapikong representasyon, sa iyong palagay, mayroon bang balanse sa pamilihan sa ganitong sitwasyon?
3. Kung gayon, paano makakamit ang balanse sa pamilihan?
4. Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?

TANDAAN!

Ang Batas ng Demand ay nagsasaad na kapag tumataas ang presyo ng produkto o paglilingkod, bumababa ang demand, at kapag bumababa ang presyo, tumataas naman ang demand nito. Ang Batas ng Suplay naman ay nagsasaad na kapag tumataas ang presyo ng mga produkto at paglilingkod, mas naeenganyo ang mga prodyuser na magbenta, samantalang kapag bumababa ang presyo, hindi naeenganyo ang mga prodyuser na magpatuloy na gumawa ng suplay sapagkat ito ay magresulta ng kanilang pagkalugi. Ang presyo ang pinakamahalagang salik na nakakaapekto sa demand at suplay.

GAWAIN 9 Mapa ng Pagbabago

Panuto: Natapos mo na ang mga gawain sa bahaging ito ng modyul. Nalaman mo na kung ano ang demand at suplay. Ano na ngayon ang iyong bagong kaalaman ukol sa demand at suplay? Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Revised na bahagi ng IRF Sheet.

Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?	
Initial:	
Revised:	
Final:	

PAGTATAPOS NG PAGLINANG:

Sabahaging ito ng modyul ay iyong nalaman ang konsepto ng demand at suplay at ang mga batas nito. Balikan mo ang iyong dating kaalaman ukol sa demand at suplay at iyong pagkumparahin ang iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman? Natalakay ba ang lahat ng iyong dating kaalaman sa parteng ito ng modyul? Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit sa modyul na ito.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Ngayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan na susunod na bahagi ng modyul na ito



PAGPAPALALIM

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mahahalagang konsepto ukol sa demand at suplay. Sa bahaging ito ng aralin, ikaw ay inaasahan na kritikal na makapagsusuri ng mga datos at makapagpamalas ng matalinong pagdedesisyon ukol sa sistema ng demand at suplay na nakakaapekto sa pamilihan.

GAWAIN 10 Juan To Know

Panuto: Basahin at panoorin ang nilalaman ng mga URL link na nasa ibaba at gawin ang gawain ukol dito.

- http://www.youtube.com/watch?v=LqOzRAVOV9o&list=PL0JnHratx-WIE5nU9s_c7-1bnNqGAIhsK
Ang video na ito ay tungkol sa demand at mga salik na nakakaapekto sa demand.
- <http://www.dineshbakshi.com/as-a-level-economics/price-system-theory-of-firm/119-revision-notes/1737-factors-affecting-demand>
Ang video na ito ay tungkol sa demand at mga salik na nakakaapekto sa demand

MGA SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA DEMAND

MGA SALIK	EPEKTO	HALIMBAWA O SITWASYON
Pagbabago sa Kita ng Mamimili		
Pagbabago sa Populasyon		
Pagbabago sa mga Inaasahan ng mga Mamimili		
Panlasa at Pagpili		

MGA SALIK	EPEKTO	HALIMBAWA O SITWASYON
Presyo ng mga Kapitalit Produkto		
Presyo ng mga Kaugnay na Produkto		
Kahalagahan ng Produkto		

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga salik na nakakapagpalipat sa kurba ng demand sa kanan?
2. Magbigay ng isang salik na nakakapagpapalipat sa kurba ng demand sa kanan at ipaliwanag kung bakit lumilipat ang kurba nito sa kanan?
3. Anu-ano ang mga salik na nakakapagpalipat sa kurba ng demand sa kaliwa?
4. Magbigay ng isang salik na nakakapagpapalipat sa kurba ng demand sa kaliwa at ipaliwanag kung bakit lumilipat ang kurba nito sa kaliwa?
5. Paano nakakaapekto ang mga salik na nakapagpapabago sa demand sa pamilihan?

GAWAIN 11 Magkape Muna Tayo!

Panuto: Alamin natin kung gaano mo na kaalam ang aralin na ito subukan mong gawin ang kasunod na gawain. Tignan ang Demand Schedule ng Kape sa ibaba. Suriin ang mga datos upang iyong masagutan ang mga katanungan ukol dito. Basahin din ang Case Study ukol sa kape sa Starbucks sa America na makakatulong sa pasagot sa mga katanungan sa gawain na ito.

<https://www.youtube.com/watch?v=2qRWN8pFI8w>

Ito ay mga datos ukol sa demand at case study ukol sa Starbucks sa America.

KAPENG BARAKO NG BATANGAS

PRESYO (P)	Quantity Demanded (Qd) (Taong 2000)	Quantity Demanded (Qd) (Taong 2005)	Quantity Demanded (Qd) (Taong 2013)
P 3.00	35	40	25
P 4.00	30	35	20
P 5.00	25	30	17
P 6.00	20	25	15
P 7.00	15	20	12

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Gumawa ng kurba ng demand ng kape sa <http://oomfo.com/>. Kopyahin at idikit ang graph na iyong ginawa sa dashboard na nasa ibaba. Pagkumparahin ang demand ng kape noong 2000, 2005 at 2013. Ano ang nangyari sa demand ng kape noong 2005 at 2013?
2. Sa iyong palagay, ano ang mga dahilan kung bakit tumaas ang demand ng kape noong 2005?
3. Ano naman sa iyong palagay ang mga dahilan kung bakit bumaba ang demand ng kape noong 2013?
4. Kung ikaw ay isang negosyante na nagtitinda ng kape, anu-anong hakbangin ang nararapat mong gawin upang tumaas ang demand ng iyong kape at kumita ng malaki?
5. Kung ikaw naman ay mamimili at napapansin mo ang pataas ng presyo ng mga bilihin, ano ang iyong gagawin upang matugunan ang iyong pangangailangan?

Level 1:

PAGSUSURI NG ADVERTISEMENT

GAWAIN 12 **Mapanuring Manonood**

Panuto: Ngayong alam mo na ang ibat-ibang salik na nakakaapekto sa demand, alamin natin ngayon ang lawak ng iyong pagkaunawa sa paksang ito. Panoorin ang mga advertisement sa ibaba at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

ADVERTISEMENT NO. 1	https://www.youtube.com/watch?v=ffQf0ztguzs <i>Ito ay tungkol advertisement ng Nestle sa kanilang mga produkto.</i>
ADVERTISEMENT NO. 2	https://www.youtube.com/watch?v=DOdUws7j7HI <i>Ito ay tungkol sa advertisement ng Mc Donald.</i>
ADVERTISEMENT NO. 3	https://www.youtube.com/watch?v=A6ztivtIUkA <i>Ito ay tungkol sa advertisement ng Smart</i>
ADVERTISEMENT NO. 4	https://www.youtube.com/watch?v=-QJWc_E5qeo&list=PLRuIq0sBnW3SATMg4dErVgiPfpwOzPBDe <i>Ito ay tungkol sa advertisement ng Tide.</i>
ADVERTISEMENT NO. 5	https://www.youtube.com/watch?v=N19RBQFjcPg <i>Ito ay tungkol sa advertisement ng Tempura.</i>

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anong salik na nakakaapekto sa demand ang ipinapakita ng bawat advertisement na iyong naponood? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

ADVERTISEMENT	SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA DEMAND	PALIWANAG
No. 1		
No. 2		
No. 3		
No. 4		
No. 5		


2. Saliksikin ang presyo ng mga produkto na nasa commercial. Kung sakaling tumaas ng 5% ang presyo ng mga produktong ito, alin sa mga produktong ito ang hindi masyadong mabibili? Bakit?

ADVERTISEMENT	PRODUKTO	PRESYO
No. 1	Bear Brand Powdered Milk	
No. 2	Cheese Burger Meal	
No. 3	Text	
No. 4	Tide Powder	
No. 5	Tempra Syrup	

3. Kung ikaw ang mgay-ari ng kumpanya ng produktong hindi mabibili sa produktong iyong tinukoy sa ikalawang katanungan, paano ka makakabawi upang hindi tuluyang malugi at magsara ang iyong kumpanya?
4. Gaano kahalaga ang mga salik na nakakapagpapabago sa demand sa kaunlaran ng pamilihan?

TANDAAN!

Hindi lamang ang presyo ang nakapagpapabago sa demand. Mayroon din tayong tinatawag na non-price variables o mga bagay o sitwasyon na nagpapaiba sa bilang o dami at kurba ng demand. Ito ay ang mga kita at kagustuhan ng mga mamimili, paglaki ng populasyon, inasahan ng mga konsyumer, presyo ng mga kaugnay na produkto at presyo ng mga kahaliling produkto.



http://www.economicsonline.co.uk/Competitive_markets/Demand_curves.html

Napag-alaman na natin na ang pangunahing dahilan ng pagbabago ng demand ay dahil sa pagbabago ng presyo nito. Ang tindi o antas ng pagtugon ng mga mamimili sa anumang pagbabago sa presyo ng produkto ay tinatawag nating elasticidad. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang elasticidad ng demand. Gawin ang susunod na gawain upang ito’y iyong lubusang maunawaan.

GAWAIN 13 Alamin At Suriin

Panuto: Basahin at panoorin ang nilalaman ng URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba ukol dito.

1. http://www.youtube.com/watch?v=4oj_Inj6pXA
Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elasticidad ng demand.
2. <http://www.youtube.com/watch?v=VhKI8cOaYLI>
Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elasticidad ng demand.
3. <http://www.econmentor.com/microeconomics-hs/elasticity-of-demand/types-of-elasticity-of-demand/text/764.html#Type>
Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elasticidad ng demand.

ELASTISIDAD NG DEMAND

MGA URI	KATANGIAN	NUMERICAL VALUE	KAILAN NAGAGANAP

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang elasticidad?
2. Batay sa chart na iyong ginawa, paano tumutugon ang mga mamimili sa pagbabago ng presyo ng produkto?
3. Bakit iba-iba ang patugon ng mga mamimili sa pagbabago ng presyo ng produkto?
4. Paano nakakaapekto ang elasticidad ng demand sa pamilihan.

GAWAIN 14 Alamin At Tuklasin

Panuto: Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mga uri ng elasticidad ng demand. Ngayon naman ay iyong aalamin kung paano malalaman ang elasticidad ng presyo ng demand. Basahin ang at panoorin ang mga URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba ukol dito.

<http://www.youtube.com/watch?v=z5pv4WM1bE4>

Ito ay video kung paano kinokompyut ang elasticidad ng presyo ng demand.

Batay sa iyong napanood, kompyutin natin ang elasticidad ng kapeng barako sa Batangas noong 2013. Punan ang Sequence Chart upang makuha moa ng iyong kasagutan.

KAPENG BARAKO NG BATANGAS

PRESYO (P)	Quantity Demanded (Qd) (Taong 2013)
P 3.00	25
P 4.00	20

PARAAN NG PAGKOMPYUT NG ELASTISIDAD NG PRESYO AT DEMAND

GIVEN:

FORMULA:

SOLUSYON

STEP 1

STEP 2

STEP 3

SAGOT

*Kung ang iyong kasagutan ay **-0.78** at ang elastisidad ay **inelastiko** "**TAMA**" ang iyong kasagutan! Ang bahagdan ng pagtugon sa presyo ay higit sa isang porsyento kung kayat ito ay elastiko. Upang maging lubos ang iyong kaalaman sa pagkompyut ng elastisidad ng presyo ng demand gawin ang pagsasanay sa ibaba.*

GAWAIN 15 Pagkompyut Ng Elastisidad Ng Demand

Panuto: Kompyutin ang elastisidad ng presyo ng demand at ibigay ang uri ng elastisidad nito.

DEMAND SCHEDULE NG ASUKAL/KILO

PD	P	QD
A	25	30
B	24	35
C	22	40
D	20	45
E	18	50

MGA SAGOT:

PD	ELASTISIDAD	URI NG ELASTISIDAD	INTERPRETASYON
PD AB			
PD BC			
PD CD			
PD CE			

GAWAIN 16 Alamin

Panuto: Ngayong alam mo na kung paano kinokompyut ang elastisidad ng demand at mga uri nito, alamin naman natin ngayon ang mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng demand.

1. <http://www.youtube.com/watch?v=d83BM07zpy4>
Ito ay video na nagpapakita ng mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng demand.

2. <http://www.investopedia.com/university/economics/economics4.asp>
Ang tekstong ito ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng demand.

3. <http://economics-exposed.com/factors-determining-price-elasticity-of-demand/>
Ang tekstong ito ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng demand.

MGA SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA ELASTISIDAD NG DEMAND

MGA SALIK	PAANO NAKAKAAPEKTO

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging elastiko ng demand?
2. Anu-ano naman ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging inelastiko ng demand?
3. Anu-ano naman ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging unitary ng demand?
4. Paano nakakaapekto ang mga salik na nakakaapekto sa elasticidad ng demand sa pamilihan?

GAWAIN 17 Istatistika

Panuto: Basahin at suriin ang nilalaman na datos ng URL link na nasa ibaba at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<http://www.mackinac.org/article.aspx?ID=1247>

Ito ay datos na napapakita ng elasticidad ng demand sa ibat-ibang produkto.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa datos na iyong nabasa, alin ang produktong pinakainelastiko?
2. Ano sa iyong palagay ang salik kung bakit ang asin ay napakainelastiko?
3. Bakit ang demand sa toothpick ay inelastiko?
4. Ang gasoline ay kapwa [short-run](#) at [long-run](#). Bakit ang short-run gasoline ay higit na inelastiko kaysa sa long-run gasoline?
5. Ano sa iyong palagay ang salik kung bakit Chevrolet na kotse ay napakaelastiko?
6. Bakit ang elasticidad ng tires o gulong ay unitary kahit ang gasoline ay inelastiko?
7. Paano nakakatulong ang kaalaman sa elasticidad ng demand sa sistema ng pamilihan?

Magaling! Ikaw ay nakapagpamalas ng kritikal na pagsusuri ukol sa mga salik nanakakaapekto sa elasticidad ng demand. Ang sistema ng demand ay nakakaapekto sa pamilihan kung kayat mahalagang malaman ng mga mamimili at

Ito ay teksto tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa suplay.

MGA SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA SUPLAY

MGA SALIK	EPEKTO	HALIMBAWA O SITWASYON
Inaasahang pagbabago ng presyo ng produkto.		
Subsidy		
Presyo ng mga sangkap pamproduksyon.		
Presyo ng ibang produkto		
Panahon		
Teknolohiya		
Bilang ng mga nagbebenta		

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga salik na nakakapagpalipat sa kurba ng suplay sa kanan?
2. Magbigay ng isang salik na nakakapagpapalipat sa kurba ng suplay sa kanan at ipaliwanag kung bakit lumilipat ang kurba nito sa kanan?
3. Anu-ano ang mga salik na nakakapagpalipat sa kurba ng suplay sa kaliwa?
4. Magbigay ng isang salik na nakakapagpapalipat sa kurba ng suplay sa kaliwa at ipaliwanag kung bakit lumilipat ang kurba nito sa kaliwa?
5. Paano nakakaapekto ang mga salik na nakapagpapabago sa suplay sa pamilihan?

GAWAIN 20 Suriin ang Graph

Panuto: Basahin ang nilalaman ng URL Link na nasa ibaba at sagutan ang ibabang bahagi ng artikulo tungkol sa pagbabago ng kurba ng suplay. Ang larawan ng bahaging iyong sasagutan ay nasa ibaba. I-print screen ang resulta ng iyong ginawa at ipasa sa email ng guro. Sagutan din ang mga katanungan ukol dito.

<http://www.s-cool.co.uk/a-level/economics/supply-and-demand/revise-it/the-supply-curve>

Ito ay graph na nagpapakita ng pagbabago sa kurba ng suplay.



VARIABLE	CHOICES
A rise in the wage rate	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
A fall in the VAT rate payable on the good supplied	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
Improved technology	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
An increase in real incomes	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
A fall in fuel costs	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
An increase in the number of firms in the industry	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃
Introduction of a government subsidy for the industry	The curve rests at... S ₁ S ₂ S ₃

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang nangyari sa kurba ng suplay ng tumaas ang sweldo?
2. Ano ang nagyari sa kurba ng suplay nang bumaba ang VAT?
3. Ano ang nangyari sa kurba ng suplay nang magkaroon ng mga makabagong teknolohiya sa produksyon?
4. Ano ng nangyari sa kurba ng suplay nang bumaba ang presyo ng gasoline?
5. Ano ang nangyari sa kurba ng suplay nang dumami ang mga kumpanya sa industriya?
6. Ano ang nangyari sa kurna ng suplay nang magbigay ng subsidy ang pamahalaan sa mga kumpanya?
7. Batay sa iyong mga kasagutan, kailan lumilipat sa kanan ang kurba ng suplay?
8. Kailan naman lumilipat sa kaliwa ng kurba ng suplay?
9. Paano nakakaapekto ang mga bagay o sitwasyon na nagpapaiba sa bilang o dami at kurba ng supla?

GAWAIN 21 Magkape Muna Tayo Ulit

Panuto: Alamin natin kung gaano mo na kaalam ang aralin na ito subukan mong gawin ang kasunod na gawain. Tignan ang Supply Schedule ng Kape sa ibaba. Suriin ang mga datos upang iyong masagutan ang mga katanungan ukol dito. Panoorin mong muli ang Case Study ukol sa kape sa Starbucks sa America na makakatulong sa pagsagot sa mga katanungan sa gawain na ito.

<https://www.youtube.com/watch?v=2qRWN8pFI8w>

Ito ay mga datos ukol sa demand at case study ukol sa Starbucks sa America.

KAPENG BARAKO NG BATANGAS


PRESYO (P)	Quantity Supplied (Qs) (Taong 2000)	Quantity Supplied (Qs) (Taong 2005)	Quantity Supplied (Qs) (Taong 2013)
P 3.00	15	20	12
P 4.00	20	25	15
P 5.00	25	30	17
P 6.00	30	35	20
P 7.00	35	40	25

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Gumawa ng kurba ng Supply ng kape sa <http://oomfo.com/>. Kopyahin at idikit ang graph na iyong ginawa sa dashboard na nasa ibaba. Pagkumparahin ang demand ng kape noong 2000, 2005 at 2013. Ano ang nangyari sa demand ng kape noong 2005 at 2013?
2. Sa iyong palagay, ano ang mga dahilan kung bakit tumaas ang supply ng kape noong 2005?
3. Ano naman sa iyong palagay ang mga dahilan kung bakit bumaba ang supply ng kape noong 2013?
4. Kung ikaw ay isang negosyante na nagtitinda ng kape, anu-anong hakbangin ang nararapat mong gawin upang tumaas ang iyong kita?
5. Kung ikaw naman ay mamimili at napapansin mo ang pataas ng presyo at kakulangan ng suplay ng mga bilihin, ano ang iyong gagawin upang matugunan ang iyong pangangailangan?

TANDAAN!

Hindi lamang ang presyo ang nakapagpapabago sa suplay. Mayroon din tayong tinatawag na *non-price variables* o mga bagay o sitwasyon na nagpapaiba sa bilang o dami at kurba ng suplay. Ito ay ang subsidy, panahon, presyo ng mga hilaw na sangkap, dami ng nagbebenta, teknolohiya, presyo ng mga kaugnay na produkto at presyo ng mga kahaliling produkto.



<http://www.economicsonline.co.uk/How%20markets%20work%20graphs/Determinants-of-supply.png>

Napag-alaman na natin na ang pangunahing dahilan ng pagbabago ng suplay ay dahil sa pagbabago ng presyo nito. Ang tindi o antas ng pagtugon ng mga nagbibili o prodyuser sa anumang pagbabago sa presyo ng produkto ay tinatawag nating *elasticidad*. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang *elasticidad* ng suplay. Gawin ang susunod na gawain upang ito’y iyong lubusang maunawaan.

GAWAIN 22 Alamin at Suriin

Panuto: Basahin at panoorin ang nilalaman ng mga URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain ukol ditto.

1. http://www.youtube.com/watch?v=KccMcf_xOQU&list=PL2KmTK2vZIBc4h4TJpfYH-gzRGigI9DQZ
Ito ay video ukol sa ibat-ibang uri ng elastisidad ng suplay.
2. <http://sundaramponnusamy.hubpages.com/hub/Elasticity-of-Supply-Meaning-Types-Measurement-Determinants-and-Significance>
Ito ay artikulo ukol sa suplay.

ELASTISIDAD NG SUPLAY

MGA URI	KATANGIAN	NUMERICAL VALUE	KAILAN NAGAGANAP

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa chart na iyong ginawa, paano tumutugon ang mga nagbibili o prodyuser sa pagbabago ng presyo ng produkto?
2. Bakit iba-iba ang patugon ng mga nagbibili sa pagbabago ng presyo ng produkto?
3. Paano nakakaapekto ang elastisidad ng suplay sa pamilihan?

GAWAIN 23 Alamin at Tuklasin

Panuto: Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mga uri ng elastisidad ng suplay. Ngayon naman ay iyong aalamin kung paano malalaman ang elastisidad ng presyo ng suplay. Basahin ang at panoorin ang mga URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba ukol dito.

1. <http://www.youtube.com/watch?v=nyKmrDYrkQ4>
Ito ay video kung paano kinokompyut ang elastisidad ng presyo ng supply.
2. http://staffwww.fullcoll.edu/fchan/Micro/2price_elasticity_of_supply.htm
Ito ay video kung paano kinokompyut ang elastisidad ng presyo ng supply.

Batay sa iyong napanood at nabasa, kompyutin natin ang elastisidad ng kapeng barako sa Batangas noong 2013. Punan ang Sequence Chart upang makuha mo ang iyong kasagutan.

KAPENG BARAKO NG BATANGAS


PRESYO (P)	Quantity Supplied (Qs) (Taong 2013)
P 3.00	12
P 4.00	15

PARAAN NG PAGKOMPYUT NG ELASTISIDAD NG PRESYO AT DEMAND

GIVEN:

FORMULA:

SOLUSYON



SAGOT

*Kung ang iyong kasagutan ay .78 at ang elastisidad ay **inelastiko** “**TAMA**” ang iyong kasagutan! Ang bahagdan ng pagtugon sa presyo ay higit sa isang porsyento kung kayat ito ay elastiko Upang maging lubos ang iyong kaalaman sa pagkompyut ng elastisidad ng presyo ng demand gawin ang pagsasanay sa ibaba.*

GAWAIN 24 Pagkompyut Ng Elastisidad Ng Demand

Panuto: Kompyutin ang elastisidad ng presyo ng suplay at ibigay ang uri ng elastisidad nito.

SUPLAY SCHEDULE NG ASUKAL/KILO

PD	P	QS
A	23	100
B	25	120
C	26	130
D	28	145
E	29	160

MGA SAGOT:

PD	ELASTISIDAD	URI NG ELASTISIDAD	INTERPRETASYON
PD AB			
PD BC			
PD CD			
PD CE			

GAWAIN 25 **Juanna Know?**

Panuto: Ngayong alam mo na kung paano kinokompyut ang elastisidad ng suplay at mga uri nito, alamin naman natin ngayon ang mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng demand. Basahinn ang nilalaman ng mga URL link sa ibaba at sagutan ang gawain ukol dito.

1. <http://sundaramponnusamy.hubpages.com/hub/Elasticity-of-Supply-Meaning-Types-Measurement-Determinants-and-Significance>
Ito ay artikulo ukol sa suplay.

2. <http://markets6605.wordpress.com/2012/06/14/factors-affecting-elasticity-of-supply-11/>
Ito ay artikulo ukol sa mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng suplay.

MGA SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA ELASTISIDAD NG SUPLAY

MGA SALIK	PAANO NAKAKAAPEKTO

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging elastiko ng suplay?
2. Anu-ano naman ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging inelastiko ng suplay?
3. Anu-ano naman ang mga salik na nagiging dahilan ng pagiging unitary ng suplay?
4. Paano nakakaapekto ang mga salik na nakakaapekto sa elastisidad ng suplay sa pamilihan?

GAWAIN 26 Pagpapahalaga

Panuto: Basahin ang sitwasyon na nasa ibaba at sagutan ang katanungan ukol dito.

Nagkaroon ng malakas na bagyo sa inyong lugar. Isa kang negosyante na nagtitinda ng mga pangunahing bilihin ng mga mamamayan. Nagkaubusan ng suplay ng bigas at LPG. Isa ka sa mga negosyanteng may natitira pang suplay nito. Ang iba pang negosyante sa inyong lugar ay nagsipagtaas na ng kanilang presyo. Ano ang iyong gagawin? Bakit?



Lebron James, dumami ang bumili at benta nito. Ano sa palagay moa ng mangyayari sa presyo nito? Bakit?

3. Ang mga kumpanya ng laptop ay nag-anunsyo na hindi na sila gagawa pa ng laptop notebook na modelo nito. Ano sa palagay mo ang mangyayari sa presyo ng laptop notebook? Bakit?
4. Si Aling Nena ang tanging nagtitinda ng pandesal sa kanilang lugar. Masarap at may kuwalidad ang kanyang pandesal kung kayat marami ang bumubili sa kanya. Ngunit nang lumipat si Aling elena sa kanilang lugar, nagsimula din siyang magbenta ng pandesal na may kaparehas na kuwalidad at masarap na lasa. Ano sa palagay mo ang mangyayari sa presyo ng pandesal ni Aling Nena? Bakit?

*Magaling! Ikaw ay nakapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa sistema ng demand at suplay sa pamilihan. **Tandaan, ang mga sistema ng demand at suplay ay may malaking epekto sa pamilihan. Nakasalalay sa mga sistemang ito ang pag-unlad ng pamilihan.***

*Ngayon naman bilang isang mamamayan, **paano ka tutugon sa mga sistemang ito ng demand at suplay sa pamilihan?** Upang ikaw ay makatugon at makapagpamalas ng matalinong pagdedesisyon ukol sa mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan, gawin ang susunod na gawain.*

GAWAIN 29 Alam Na!

Panuto: Ngayong alam mo na ang mahahalagang konsepto na dapat mong malaman tungkol sa demand at suplay, subukan na nating alamin ang lawak ng iyong pagkaunawa ukol sa paksa ng modyul na ito. Basahin at suriin ang nilalaman ng mga kaso sa ibaba at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

CASE 1	http://www.economistsdoitwithmodels.com/2009/10/12/a-lesson-in-elasticity-concert-tickets-edition/ Ito ay isang artikulo tungkol sa pagbaba ng presyo ng ticket.
CASE 2	http://www.foxnews.com/leisure/2014/06/10/dunkin-donuts-to-raise-coffee-prices-amidst-global-shortage/ Ito ay isang artikulo tungkol sa pagtaataas ng presyo ng kape sa Dunkin Donut.
CASE 3	http://www.bloomberg.com/news/2014-02-22/microsoft-said-to-cut-windows-price-70-to-counter-rivals.html Ito ay tungkol sa pagbaba ng presyo ng program ng Microsoft.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ipaliwanag ang mga mangyayari sa presyo, demand at suplay ng mga produkto sa bawat sitwasyon?
2. Ano ang mangyayari sa elasticidad ng demand at suplay ng mga produkto sa bawat sitwasyon. Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
3. Alin sa mga kumpanya sa itaas ang sa iyong palagay ang higit na kikita at mananatili ng matagal sa pamilihan? Patunayan ang iyong kasagutan.
4. Sa lahat ng mga sitwasyon, ano ang dapat nating isipin tungkol sa presyo, demand at suplay?
5. Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?
6. Paano magkakaroon ng maunlad na pamilihan?

GAWAIN 30 **Pagkaisipin Mo**

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon at sagutan ang mga katanugan ukol dito.

1. Dahil sa sunud-sunod na pagdating ng kalamidad sa bansa, inanunsyo sa telebisyon na magtataas ang presyo ng mga pangunahing biling sa susunod na tatlong araw. Maraming mamamayan ang nagtungo sa pamilihan upang bumili kaagad at mag-imbak ng mga produkto. Ano ang iyong gagawin sa ganitong sitwasyon?
2. Ang mga bansa sa daigdig ay nakararanas ng pandaigdigang krisis. Marami ang nawawalan ng trabaho dahil sa pabagsak ng ekonomiya ng bansa. Kung ikaw ay nasa ganitong sitwasyon, padadagdagan mo pa ba sa yog magulang ang iyong allowance? Bakit?

Bilang isang mamimili ang iyong matalinong pagdedesisyon sa mga sistema ng demand at suplay ay mahalaga. Tandaan, malaki ang papel na giagampanan ng mga mamimili sa pag-unlad ng pamilihan.

Ngayong natapos mo na ang bahaging ito ng modyul at nalaman mo na kung papaano nakakaapekto ang mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan, alamin na natin ang bahagdan ng iyong kaalaman sa modyul na ito. Sagutan Triple Entry Journal sa susunod na gawain.

Magaling! Natapos mo na ang bahaging ito ng modyul. Anu-ano na ang mga bago mong kaalaman ngayon? Gawin ang susunod na gawain upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman ukol sa modyul na ito.

GAWAIN 31 Alam Ko Na!

Gawain 31: ALAM KO NA!

Panuto: Punan ang hinihiling ng bawat kahon.

3 Mahahalagang Kaisipang Natutuhan

2 Pagbabagong Natuklasan

1 Tanong na nais pang mabigyang-linaw (ilista ang tanong at i-post sa discussion board nang malaman ng guro)

PAGTATAPOS NG PAGPAPALALIM:

Sa bahaging ito, tinalakay natin kung papaano nakakakaapekto ang mga sistema ng demand at supaly sa pamilihan. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka nang pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang proyektong nakalaan tungkol sa *Paggawa ng Advertisement* sa susunod na bahagi.



PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay. Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto.

GAWAIN 32 T-shirt Simulation

Panuto: Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang kahalagan ng pag-alam ng demand ng mga mamamayan upang matugunan ng ibat-ibang sektor ang mga pangangailangan ng lahat. Iyo ding natutunan sa nakaraang aralin ang paggawa ng survey upang malaman ang demand ng mas nakakararaming mamamayan. Ipagpalagay nating isa kang negosyante ngayon at nalaman mo na ang malimit na gamit sa katawan na binibili ng mga kabataan sa inyong lugar ay T-Shirt. Bilang isang negosyante, paano mo didisenyahan ang iyong T-Shirt na produkto? Lagyan ng disenyo ang T-shirt sa ibaba. Maari mong gawin ang disenyo ng iyong T-shirt sa Adobe Illustrator. Narito ang link na makakatulong sayo kung paano ito gawin:

<http://www.adobeforacademics.com/tutorials/3>

Ang website na ito ay nagpapakita ng video kung papaano gumawa ng disenyo ng T-Shirt sa Adobe Illustrator.

Matapos mong makagawa ng design para sa iyong T-shirt, ipaliwanag mo kung bakit iyon ang napili mong disenyo. Makatutugon ba ito sa demand ng nakararami? Ito ba ay tumutugon sa demand ng mga kabataan? Isave ang file at ipadala ito sa email ng iyong guro.

GAWAIN 33 Pag-aanunsyo

Panuto: Ngayong mayroon ka nang produkto, mahalaga na maipakilala mo ang iyong produkto sa mga mamimili. Ang pinakamabisang paraan upang iyong maipakilala ang iyong produkto ay ang pag-aanunsyo o advertisement. Ano nga ba ang anunsyo? Basahin ang nilalaman ng URL link sa ibaba at gumawa ng bubble map ukol sa ibat-ibang paraan ng pag-aanunsyo sa website na <http://www.exploratree.org.uk> at sagutan ang mga gawain ukol dito. I save a file ng iyong ginawa at iemail ito sa iyong guro.

<http://i-love-eco.blogspot.com/2007/12/aralin-13-mga-uri-ng-pagkonsumo.html>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

<http://advertising.about.com/od/advertisingprojects/a/Different-Types-Of-Advertising-Methods.htm>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

<http://www.english-online.at/media/advertising/advertising-media.htm>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang anunsyo?
2. Bakit kinakailangang gumamit ang mga prodyuser ng anunsyo?

3. Ano sa palagay mo ang pinakamabisang paraan ng pag-aanunsyo? Bakit?
4. Paano nakakaapekto ang anunsyo sa pamilihan?

Level 2

GAWAIN 34 Paggawa ng Advertisement

Panuto: Matapos mong gawin ang paggawa ng disenyo ng T-Shirt sa nakaraang gawin, gumawa ka ng advertisement para dito upang ito ay mabili sa pamilihan. Maari kang mamili ng uri ng advertisement na nais mo. Kung ito ay larawan o poster na iyong iaadvertise sa diyaryo, magazine, billboards o flyers na iyong ipamimigay gawin ito sa interactive website na <http://www.glogster.com/>.

Kung ito naman ay video na nais mong ipatalastas sa telebisyon, gawin mo ito sa Microsoft Movie Maker.

Matapos mong gawin ang iyong advertisemet, ipost mo ito sa iyong facebook o twitter account o sa www.youtube.com upang malaman mo kung ano ang magiging reaksiyon ng mga tao sa produktong iyong ipinagbibili. Ipasa ang file ng iyong gawa sa email ng iyong guro.

KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLILIPAT

Ngayong alam mo na malaki ang epekto ng sistema ng demand at suplay sa pamilihan at ang kahalagahan ng matalinong pagdedesisyon ng mga mamimili at nagbibili ng produkto, ano ang iyong magagawa upang makatulong sa kaunlaran ng pamilihan at makamit ang pambansang kaunlaran? Gawin ang susunod na gawain upang masagot ang katanungang ito.

GAWAIN 35 Pagpapahalaga

Panuto: Sumulat ng sanaysay ukol sa kung papaano makakamit ang kaunlaran sa pamilihan at sa buong bansa. Ang sanaysay ng iyong isusulat ay may temang “Sama-sama Para sa Kaunlaran”

SAMA-SAMA PARA SA KAUNLARAN

PAGTATAYA NG SARILING KAALAMAN SA MODYUL

Sa bahaging ito ng modyul ay atin nang alamin ang iyong mga natutuhan. Saguting muli ang IRF Sheet na iyong sinagutan sa simula ng modyul na ito. Sagutin naman ang kolum na FINAL.

GAWAIN 36 **Mapa ng Pagbabago**

Panuto: Natapos mo na ang mga gawain sa bahaging ito ng modyul. Nalaman mo na ang papel na ginagampanan ng mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan. Ano na ngayon ang iyong bagong kaalaman ukol sa demand at suplay? Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Final na bahagi ng IRF Sheet.

Paano nakakaapekto ang sistema ng demand at suplay sa pamilihan?	
INITIAL:	
REVISED:	
FINAL:	

GAWAIN 37 **Mga Gintong Aral**

Sa modyul na ito ay iyong natutuhan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan.

Anu-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay sa modyul na ito? Paano mo ito maisasabuhay?

Katapusang Bahagi ng Modyul

Tunay na mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pambansang kaunlaran. Lahat tayo ay may kanya-kanyang tungkulin na dapat gampanan para sa ating bansa. Nakasalalay sa ating lahat ang pagsulong at pag-unlad ng ating bansa. Kayat bilang isang kabataang Pilipino, nawa’y maisabuhay mo ang mga aral na natutuhan mo sa modyul mabuo ang ating bansa bilang nasyon-estado.

Pagtataya ng Sariling Kaalaman Mula Sa Modyul

Buong katapatan na sagutin mo ang rubrik ng ebalwasyon upang masukat ang iyong pagkatuto sa kabuuan ng modyul na ito. I-klik lamang ang bilang na tumutukoy sa antas ng iyong natutuhan sa modyul na ito.

Kung handa ka na, narito ang iskala ng mga bilang na magtataya ng iyong natutuhan sa kabuuan ng modyul na ito. I-klik lang ang simula

- 1- **Walang alam**
- 2- **Nalilito**
- 3- **Mahusay**
- 4- **Napakahusay**

Pagpapaliwanag: Nauunawaan na ang mga sistema ng demand at suplay ay may malaking epekto sa pamilihan.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4
Interpretasyon: Nasusuri ang mga salik na nakakaapekto sa demand at suplay.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4
Paglalatap: Nakapagbibigay ng paraan kung papaano makakatulong sa kaunlaran ng pamilihan at bansa.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4
Perspektibo: Nakabubuo ng sariling papananaw ukol sa mga paraan upang makamit ang kaunlaran sa pamilihan.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4
Empatiya: Nailalagay ang sarili sa katauhan ng mga mamimili at nagbibili upang makapagpamalalas ng kritikal na pagsusuri sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng pwersa ng demand at suplay at sistema ang pamilihan bilang batayan ng matalinong pagdedesiyon tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4
Pagkilala sa Sarili: Nakabubuo ng isang kaisipan ukol sa kahalagahan ng mga mamamayan sa kaunlaran ng pamilihan at ng bansa.	<input type="radio"/> 1 <input type="radio"/> 2 <input type="radio"/> 3 <input type="radio"/> 4

PANGHULING PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung gaano ang iyong kaalaman sa modyul na ito. I-klik ang titik ng iyong napiling sagot. Sagutin ang lahat ng tanong. Matapos mong masagutan ang pagtataya, iyo nang malalaman ang nakuha mong puntos. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka ng tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mong ulitin ang modyul na ito.

1. Ang pinakamainam na depinisyon ng demand ay:
 - A. Dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mga mamimili sa isang partikular na presyo.
 - B. Halaga na gusto at kayang bayaran ng mga mamimili para sa isang partikular na dami ng produkto o serbisyo.
 - C. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gustong bilhin ng mga tao.
 - D. Relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at dami nito na gusto at kayang bilhin ng mga tao.

2. Ang paggalaw ng kurba ng demand at suplay ay nagpapakita na pagbbago sa dami ng demand at suplay bunga ng isang salik habang ang ibang salik ay di nagbabago. Ano ang salik na nakapagpapabago sa kurba ng demand at suplay?
 - A. Dami ng nagbibili
 - B. Gastos
 - C. Presyo
 - D. Subsidy

3. Kapag ang presyo ng produkto ay tumataas at ang dami ng demand ay bumaba habang ang ibang salik ay di nagbabago ay tumutukoy sa _____.
 - A. Demand
 - B. Batas ng Demand
 - C. Suplay
 - D. Batas ng Suplay

4. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa salik ng demand?
 - E. Klima, teknolohiya, kagastusan, espekulasyon
 - F. Kita, teknolohiya, subsidy, buwis
 - G. Okasyon, presyo ng ibang produkto, kita, panlasa
 - H. Ekspestasyon, buwis, teknolohiya, populasyon.

5. Ang grapikong paglalarawan ng direktang relasyon ng presyo at dami ng ipagbibiling produkto habang ang ibang salik ay hindi nagbabago:
 - A. Kurba ng demand
 - B. Iskedyul ng suplay
 - C. Kurba ng suplay
 - D. Punto ng ekwilibriyo

6. Kung ang kape at asukal ay mga produktong magkasamangkinokonsumo, kung bumaba nang malaki ang halaga ng kape, magkakaroon ng:
 - A. Pagtaas sa demand ng asukal.
 - B. Pagtaas sa dami ng asukal na demanded.
 - C. Pagbaba sa demand ng asukal.
 - D. Pagbaba sa dami ng tape na demanded.

7. Kung ang gulay ay produktong maaaring ipalit sa manok at ang manok ay maaaring ipalit sa gulay bilang pagkain, kapag malaki ang ibinaba ng presyo ng gulay, magkakaroon ng:
 - A. Pagtaas sa demand ng manok.
 - B. Pagtaas sa dami ng manok na demanded.
 - C. Pagbaba sa demand ng manok.
 - D. Walang pagbabago sa demand ng manok.

8. Kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, maaaring mong asahan na:
 - A. tataas ang demand ng nasabing produkto.
 - B. ang dami na ipinagbibili ng produkto ay tataas.
 - C. ang dami na ipinagbibili ng produkto ay bababa.
 - D. ang kurba ng suplay ay pupunta sa kanan.

9. Alin sa mga sumusunod na kumpanya ang makapagpapatuloy na magbenta ng mga produkto at kikita sa mahabang panahon?

Company A Presyo: P 5.50 Sold: 1000 Profit margin: P .10	Company B Presyo: P 12.50 Sold: 425 Profit margin: P 4.10	Company C Presyo: P 25.00 Quantity Sold: 10 Profit margin: P 17.75	Company D Presyo: P 20.00 Quantity Sold: 30 Profit margin: P 10.75
--	---	---	---

- A. Company A
 - B. Company B
 - C. Company C
 - D. Company D

10. Maraming negosyante ang naniniwala na maari lamang silang magtagumpay kung meron siang dadag na pera o di kaya pagkukunan ng pantang. May katotohanan ba ang paniniwalang ito?
 - A. Tama sapagkat kung ikaw ay may malaking puhunan mas marami kang magagawang produkto at mas malaki ang kikitain.
 - B. Tama sapagkat makakatulong ito upang mapalago ang kumpanya.
 - C. Mali sapagkat nakasalalay sa mga mamimili ang pagkita ng kumpanya.
 - D. Mali sapagkat ang suliranin ay maaring malutas sa tamang pamamahala.

11. Maya mga salik na nakakaapekto sa pagtaas at pagbaba ng suplay sa pamilihan. Ano ang mangyayari sa suplay ng mga produkto sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - Sitwasyon A – Nakaroon ng bagyo at baha.
 - Sitwasyon B – Tumaas ang presyo ng mga hilaw na sangkap.
 - Sitwasyon C – Bumaba ang bilang ng mga prodyuser.
 - A. Walang pagbabago sa suplay ng mga produkto.
 - B. Mawawala ang suplay ng produkto.
 - C. Tataas ang suplay ng mga produkto.
 - D. Bababa ang suplay ng mga produkto.

12. Ang ating bansa ay nakararanas ng iba't ibang suliranin. Bilang isang kabataang Pilipino sa paanong paraan ka makatutulong sa kasalukuyang suliranin ng bansa sa ekonomiya?
 - A. Ipahayag ang mga saloobin sa pamamagitan ng mga *rally* at protesta.
 - B. Pumunta sa ibang bansa upang doon na lamang mag-aral.
 - C. Isipin at isagawa ang mga natutuhan sa paaralan upang maginng produktibong mamamayan ng bansa.
 - D. Ipabago ang sistema ng edukasyon ng bansa.

13. Mahalaga at makabuluhan ang pag-aaral ng sistema ng demand at suplay ng mga kabataan. Ano sa palagay mo ang pinakamabuting maidudulot sa iyo ng pagkakaroon ng kaalaman sa demand at suplay?
 - A. Maisasaulo ang mga konsepto sa araling ito upang makapasa sa pagsusulit.
 - B. Maaari kang magsilbing kritiko ng pamahalaan at lipunan.
 - C. Mapag-aaralan ang mga gawi, kilos, at siyentipikong pamamaraan na makatutulong sa pagkakaroon ng matalinong pagdedesisyon sa mga isyung pangkabuhayan ngayon at sa hinaharap.
 - D. Magkaroon ka ng kakayahang makapagturo rin ng araling ito.

14. Malaki ang bahaging ginagampanan ng mga puwersa ng demand at suplay sa kaunlaran pamilihan. Alin sa mga pangungusap ang nagsasaad ng diwang ito?
 - A. Sa tulong ng pagsusuri ng mga sistema ng demand at suplay nauuri ang mga pangkat ng tao sa lipunan.
 - B. Upang tumaas ang ekonomiya ng isang bansa, kailangang sundin nito ang mga sisteman ng demand at suplay.
 - C. Ang paglikha ng mga produktong tutugon sa anumang hilig-pantao ay mahalaga kayat dapat ipagpatuloy and produksyon ng mga ito kahit na masira ang mga yamang likas sa daigdig.
 - D. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng sistema ng demand at suplay, nagkakaroon ang mga mamamayan ng matalinong pagdedesisyon sa mga pwera ng demand at suplay at sa sistema ng pamilihan.

15. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kalagayan ng ekonomiya ng iyong bansa sa isang pagpupulong ng mga bansa sa APEC na may layuning makahikayat ng dayuhang mamumuhunan sa bansa?
 - A. Babasahin ang progress report ng bansa.
 - B. Mamahagi ng pamphlet na naglalaman ng kalagayan ng ekonomiya ng bansa.
 - C. Magpapakita ng video presentation na nagpapakita ng mga datos ng kaunlaran ng bansa.
 - D. Magpapakita ng power point presentation ng magagandang tanawin at produkto ng Pilipinas.

16. Ikaw ay isang negosyante na nagnanais magtayo ng negosyo sa inyong syudad ngunit hindi mo pa alam kung ano ang produkto o serbisyong ipagbibili. Sa paano mong paraan malalaman ang pangunahing produkto o serbisyo na tinatangkik ng mga tao sa inyong syudad?
 - A. Magsagawa ng survey.
 - B. Manood ng balita.
 - C. Magbasa ng diyaryo.
 - D. Mag-internet

17. Ikaw ay isang opisyal ng isang barangay at naatasang maging *speaker* sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang “May Kaunlaran, Basta’t Sama-Sama Tayo”. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?
 - A. Ang mga halimbawang ipakikita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
 - B. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.
 - C. Maglalahad ng mga kuwento sa tunay na buhay ukol sa paksa na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga manonood.
 - D. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani-paniwala ang iyong mga manonood.

18. Ikaw ay isang negosyanteng nagnanais na kumita ng malaki sa iyong negosyo. Ano ang iyong gagawin upang lumaki ang iyong kita?
 - A. Lalakihan ang puhunan upang maraming produkto ang magawa.
 - B. Mangungutang ng puhunan upang maparami ang tindahan.
 - C. Iaanunsyo ang produkto upang ito ay makilala ng mga mamimili.
 - D. Magdadagdag ng tauhan upang lumaki ang produksyon.

19. Ang pamahalaan ay nagnanais na makamit ang pambansang pangkaunlaran. Anong programa ang dapat nitong ipatupad?
 - A. Programang Pang-agraryo
 - B. Programa sa Pagbuuwis
 - C. Programang Pang-ekonomiya
 - D. Programang Pangkalikasan

20. Ang pagkakaroon ng matalinong pagpapasya sa mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan ay nagdudulot ng kaunlaran nito. Bilang isang prodyuser, anu-ano ang mga siliraning dapat mong lutasin sa produksyon?
- A. Ano ang gagawin? Para kanino gagawin? Gaano karami ang gagawin?
 - B. Ano ang gagawin? Magkano ang gagastusin? Paano ipapamahagi?
 - C. Paano gagawin? Kailan gagawin? Para kanino ang gagawin?
 - D. Ano ang gagawin? Saan gagawin? Gaano karami ang gagawin?

GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

Batas ng Demand – ito ay batas na nagsasaad na hindi direktang relasyon o ugnayan ang presyo s quantity demanded.

Batas ng Suplay – ito ay batas na nagsasaad na mayroong direktang relasyon o ugnayan ang presyo s quantity supplied.

Demand – tumutukoy sa parehong kakayahan at kagustuhan ng isang taong bumili ng isang produkto at serbisyo.

Demand Curve – kurba na nagpapakita ng magkasalungat na relasyon sa pagitan ng presyo at quantity demanded.

Demand Schedule – talaan na nagpapakita ng dami ng demand sa ibat-ibang presyo.

Ekwilibriyo – isang sitwasyon kung saann ang mamimili (sa panig ng demand) at nagbibili (sa panig ng suplay) ay nagkakasundo.

Kagustuhan – ang mga bagay naa nakakatulong sa tao upang mapagaan ang kanyang buhay.

Konsyumer – mamimili; gumagamit ng mga produkto at sebisyo.

Nagbibili – ang nagbebenta ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan.

Pamilihan – lugar/mekanismo kung saan ang mamimili at nagbebenta ay nagkakaroon ng transaksyon upang magkaroon ng bentaahan.

Pangangailangan – ang mga bagay na dapat ay mayroon ang tao tulad ng pagkain, damit at tirahan upang mabuhay.

Populasyon – tumutukoy sa kabuuang bilang ng tao sa takdang lugar at panahon.

Presyo – ang halagang ipinambabayad sa isang tiyak na dami at uri ng isang kalakal o paglilingkod.

Presyong Elastisidad ng Demand – sumusukat kung gaano ka sensitibo ang quantity demand sa pagbabago ng presyo.

REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:

<http://www.youtube.com/watch?v=eayXd8ZFH8>

Ito ay video ukol sa demand at suplay

https://encrypted-tbn1.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQKskUHea5NC_gFLazVTopJrZCXrrXeMck1L7foU--XZNP7RhcJ

Graph ng Demand at Supply

<https://www.youtube.com/watch?v=QvGLcCTXk9o>

Ito ay video tungkol sa Batas ng Demand.

<https://www.youtube.com/watch?v=Ng3XHPdexNM>

Ito ay video clip mula sa pelikulang The Hudsucker Proxy

<https://www.youtube.com/watch?v=UnVsPEr9teQ>

Ito ay video tungkol sa Batas ng Suplay.

<http://dineshbakshi.com/interactive-graphs/1361-demand-and-supply-curves-interactive-graphs>

Ito ay interactive graph na nagpapakita ng kurba ng demand at suplay.

<http://www.dineshbakshi.com/as-a-level-economics/price-system-theory-of-firm/119-revision-notes/1737-factors-affecting-demand>

Ang video na ito ay tungkol sa demand at mga salik na nakakaapekto sa demand

http://www.youtube.com/watch?v=LqOzRAVOV9o&list=PL0JnHratx-WIE5nU9s_c7-1bnNqGAlhsK

Ang video na ito ay tungkol sa demand at mga salik na nakakaapekto sa demand.

<https://www.youtube.com/watch?v=2qRWN8pFI8w>

Ito ay mga datos ukol sa demand at case study ukol sa Starbucks sa America.

http://www.youtube.com/watch?v=4oj_Inj6pXA

Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elastisidad ng demand.

<http://www.youtube.com/watch?v=VhKI8cOaYLI>

Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elastisidad ng demand.

<http://www.econmentor.com/microeconomics-hs/elasticity-of-demand/types-of-elasticity-of-demand/text/764.html#Type>

Ang video na ito ay tungkol sa ibat-ibang uri ng elastisidad ng demand.

<http://www.youtube.com/watch?v=z5pv4WM1bE4>

Ito ay video kung paano kinokompyut ang elastisidad ng presyo ng demand

<http://www.youtube.com/watch?v=d83BM07zpy4>

Ito ay video na nagpapakita ng mga salik na nakakaapekto sa elasticidad ng demand.

<http://www.investopedia.com/university/economics/economics4.asp>

Ang tekstong ito ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa elasticidad ng demand.

<http://economics-exposed.com/factors-determining-price-elasticity-of-demand/>

Ang tekstong ito ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa elasticidad ng demand.

<http://www.mackinac.org/article.aspx?ID=1247>

Ito ay datos na napapakita ng elasticidad ng demand sa ibat-ibang produkto.

http://www.youtube.com/watch?v=6Q_XxwqtwxY

Ito ay tungkol sa suplay.

<http://www.econport.org/content/handbook/supply/changeSupply.html>

Ito ay tungkol sa Supply

<http://www.s-cool.co.uk/a-level/economics/supply-and-demand/revise-it/the-supply-curve>

Ito ay graph na nagpapakita ng pagbabago sa kurba ng suplay.

http://www.youtube.com/watch?v=KccMcf_xOQU&list=PL2KmTK2vZIBc4h4TJpfYH-gzRGigI9DQZ

Ito ay video ukol sa ibat-ibang uri ng elasticidad ng suplay.

<http://sundaramponnusamy.hubpages.com/hub/Elasticity-of-Supply-Meaning-Types-Measurement-Determinants-and-Significance>

Ito ay artikulo ukol sa suplay.

<http://www.youtube.com/watch?v=nyKmrDYrkQ4>

Ito ay video kung paano kinokompyut ang elasticidad ng presyo ng supply.

[http://staffwww.fullcoll.edu/fchan/Micro/2price elasticity of supply.htm](http://staffwww.fullcoll.edu/fchan/Micro/2price%20elasticity%20of%20supply.htm)

Ito ay video kung paano kinokompyut ang elasticidad ng presyo ng supply.

<http://sundaramponnusamy.hubpages.com/hub/Elasticity-of-Supply-Meaning-Types-Measurement-Determinants-and-Significance>

Ito ay artikulo ukol sa suplay.

<http://markets6605.wordpress.com/2012/06/14/factors-affecting-elasticity-of-supply-11/>

Ito ay artikulo ukol sa mga salik na nakakaapekto sa elasticidad ng suplay.

<http://www.adobeforacademics.com/tutorials/3>

Ang website na ito ay nagpapakita ng video kung papaano gumawa ng disenyo ng T-Shirt sa Adobe Illustrator

<http://i-love-eco.blogspot.com/2007/12/aralin-13-mga-uri-ng-pagkonsumo.html>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

<http://advertising.about.com/od/advertisingprojects/a/Different-Types-Of-Advertising-Methods.htm>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

<http://www.english-online.at/media/advertising/advertising-media.htm>

Ito ay naglalaman ng ibat-ibang uri ng pag-aanunsyo.

Aralin 2: Interaksyon nng Demand at Suplay at ang Pamilihan

Panimula at mga Pokus na Tanong

Sa iyong edad, malamang ay naranasan mo nang pumunta sa isang palengke o pamilihan. Sa pagpunta mo sa palengke upang bumili ng iyong kailangan, naranasan mo na bang makipagtawaran? Maaaring ikaw o ang iba pang mamimili ay nakipagtawaran na sa tindera hinggil sa presyo ng produktong nais mong bilingin. Maaaring hindi kayo nagkasundo. Sa ibang okasyon naman ay nagkakasundo kayo. Paano kaya magkakasundo ang mamimili at nagbibili sa pamilihan? Bakit kaya mahalagang magkasundo ang mga mamimili at nagbibili sa pamilihan? Paano kaya ito nakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan? ***Paano nakakamit ang kaunlaran ng pamilihan? Bilang isang kabataan paano ka mamakatulong sa pagkamit ng kaunlaran sa pamilihan?***

Sa modyul na ito ay iyong matutunghayan at malalaman ang mga kasagutan sa mga tanong na ito. Upang higit mong maunawaan ang paksa sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

8. Ano ang pamilihan?
9. Paano nakakaapekto ang presyo sa pamilihan?
10. Ano ang ekwilibriyo?
11. Paano nakakamit ang ekwilibriyo sa pamilihan?
12. Ano-ano ang mga istruktura ng pamilihan?

MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:


Sa modyul na ito ay iyong matututuhan ang mga sumusunod:

Aralin Blg.	Paksa	Iyong Matutuhan ang..	Blg. ng Sesyon
<i>Aralin 1</i>	Interaksyon ng Demand at Suplay	<ul style="list-style-type: none"> • Naiuugnay ang elasticidad ng demand at suplay sa presyo ng kalakal at paglilingkod • Naipapaliwanag ang interaksyon ng demand at suplay sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan • Nasusuri ang mga epekto ng shortage at surplus sa presyo 	

		<p>at dami ng kalakal at paglilingkod sa pamilihan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naimumungkahi ang paraan ng pagtugon/kalutasan sa mga suliraning dulot ng kakulangan at kalabisan 	
<i>Aralin</i> 2	Ang Pamilihan	<ul style="list-style-type: none"> • Napapaliwanag ang kahulugan ng pamilihan. • Nasusuri ang iba't ibang Istruktura ng Pamilihan. • Napangangatwiran ang kinakailangang pakikialam at regulasyon ng pamahalaan sa mga gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang istraktura ng pamilihan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan. 	

Grapikong Pantulong

Narito ang simpleng mapa ng mga paksang tatalakayin sa modyul na ito:



Inaasahang Kasanayan:

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

5. Magsaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
6. Sagutin ang mga pagsasanay sa araling ito.
7. Makapagsuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, at mga datos.
8. Makapagsulat ng mga paraan kung paano makakatulong sa pag-unlad ng pamilihan.
9. Magagamit ang mga konsepto ng ekonomiks sa pag-unawa ng mga ekonomikong penomenon.

PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutin lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito. Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

1. Ano ang mekanismo sa isang lugar na kung saan may interaksyon ng mamimili at nagbebenta upang magtakda ng presyo at magpalitan ng produkto at serbisyo?
 - A. Ospital
 - B. Pamilihan
 - C. Pamahalaan
 - D. Mall

2. Anong istraktura ng pamilihan na may libu-libo ang mamimili at nagtitinda ng produkto?
 - A. Perpektong Kompetisyon
 - B. Monopolyo
 - C. Monopolistikong Kompetisyon
 - D. Oligopolyo

3. Makakatulong ba ang pag-aanunsyo ng isang produkto sa perpektong pamilihan?
 - A. Oo, dahil sa magkakaiba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
 - B. Oo, dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
 - C. Hindi dahil sa magkakaiba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.

- D. Hindi dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
4. Ang pamahalaan ay may malaking papel sap ag-unlad ng pamilihan. May mga pangunahing tungkuling ginagampanan ito upang maging maayos at maunlad ang pamilihan. Alin sa mga sumusunod ang HINDI tungkulin ng pamahalaan?
 - A. Pangangalaga sa pribadong ari-arian
 - B. Pagtataguyod sa kompetisyon
 - C. Pagbibigay ng maayos na serbisyo sa mga nagbabayad
 - D. Pagbibigay ng pampublikong kalakal
 5. Alin sa mga sumusunod an hindi katangian ng pamilihan?
 - A. Estado ang siyang nagmamay-ari ng lahat ng produktibong pinagkukunan
 - B. Mayroong laya ang mga pribadong sektor na lumahok sa anumang pagkakakitaan.
 - C. Kontrolado ng pamahalaan ang mga *public utility*
 - D. Sa pamilihan pinagpapasiyahan ang ano, para kanino, at paano ng produksyon
 6. Ang monopoly ay istraktura ng pamilihan na iisa ang nagbibili ng produkto. Alin sa mga sumusunod ang monopolyo ng gobyerno?
 - A. Kumpanya ng langis
 - B. Computer Software
 - C. Restaurant
 - D. Cable Company
 7. Ano ng tawag sa sitwasyon sa pamilihan na kung saan nagpapahiwatig ng pagkakasundo ng mamimili at nagbibili?

A. kasunduan	C. ekwilibriyo
B. sabwatan	D. disekilibriyo
 8. Ano ang tawag sa abwatan ng mga oligopolist sa presyo upang makontrol ang pamilihan

A. kasunduan	C. samahan
B. cartel	D. monopsony
 9. Ano ang mangyayari sa presyong ekwilibriyo sa mga sumusunod na sitwasyon:
 1. Maraming nahikayat sa bagong patalastas ng Surf.
 2. Nagmahal ang bayad sa mga sangkap ng produksyon.
 3. Nabigyan ng promosyon sa kanilang kompanya si Juan dela Cruz kaya tumaas na naman ang kaniyang sahod.
 - A. Tataas ang presyong equilibriyo.
 - B. Bababa ang presyong ekwilibriyo
 - C. Walang mangyayari sa presyong equilibriyo.

- D. Magiging zero ang presyon ekwilibriyo.
10. Basahin ang nilalaman ng mga URL link sa ibaba. Ano ang nararapat na ipatpad ng pamahalaan sa ganitong klaseng sitwasyon?




Sitwasyon A	http://www.remate.ph/2014/01/nso-neda-presyo-ng-bilihin-tumaas-sa-power-oil-hikes/
Sitwasyon B	http://www.balita.net.ph/2013/08/28/dti-presyo-ng-pangunahing-bilihin-gumalaw/
Sitwasyon C	http://www.untvweb.com/news/presyo-ng-isda-at-gulay-tumaas-presyo-ng-sardinas-bumaba/

- A. Price Control
 B. Floor Price
 C. Mag-angkat ng produkto.
 D. Magluwas ng produkto.
11. Ang price support, floor price, at ceiling price ay ipinatutupad ng pamahalaan sa pamilihan. Malaki ang papel na ginagampanan ng pamahalaan sa kaunlaran ng pamilihan. Bakit nagpapatupad ng price support ang pamahalaan kapag may kalabisan o surplus?
- A. Upang tulungan ang middleman.
 B. Upang tulungan ang mga dayuhang negosyante.
 C. Upang tulungan ang mga konsyumer.
 D. Upang tulungan ang mga maliliit na magsasaka
12. Suriin ang mga sitwasyon sa ibaba. Paano masosolusyonan ang suliranin sa mga sitwasyong iyong nabasa at napanood?

Sitwasyon A	http://www.amiananbalitangayon.com/archives/10321
Sitwasyon B	https://www.youtube.com/watch?v=3KZ0Wox5L04

- A. Pagbagsak ng presyo
 B. Pagbaba ng demand.
 C. Pagtaas ng suplay.
 D. Pagtaas ng presyo.

13. Suriin ang mga grapikong presentsayon sa ibaba. Ano ang ipinapakita nito?



- A. Kakapusan
 - B. Kalabisan
 - C. Ekwilibriyo
 - D. Kurba ng demad.
14. May mga salik na nakakaapekto sa demand at suplay. Paano nagkakaroon ng sabay na pagbabago ng demand at suplay at pagkakaroon nito ng iisang presyong ekkwilibriyo?
- A. Pagtaas ng suplay, pagbaba ng demand at di nagbago ang ekwilibriyong dami.
 - B. Pagbaba ng demand, pagtaas ng suplay at pagtaas ng presyo.
 - C. Pagbaba ng demand, pagbaba ng suplay at di agbabago ang presyo.
 - D. Pagbaba ng demand, pagbaba ng suplay at mananatili ang ekwilibriyong dami.
15. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kalagayan ng ekonomiya ng iyong bansa sa isang pagpupulong ng mga bansa sa ASEAN 2015 na may layuning makahikayat ng dayuhang mamumuhunan sa bansa?
- A. Babasahin ang progress report ng bansa.
 - B. Mamahagi ng pamphlet na naglalaman ng kalagayan ng ekonomiya ng bansa.
 - C. Magpapakita ng video presentation na nagpapakita ng mga datos ng kaunlaran ng bansa.
 - D. Magpapakita ng power point presentation ng magagandang tanawin at produkto ng Pilipinas.

16. Ikaw ay isang negosyante na nagnanais magtayo ng negosyo sa inyong syudad ngunit hindi mo pa alam kung ano ang produkto o serbisyong ipagbibili. Sa paano mong paraan malalaman ang pangunahing produkto o serbisyo na tinatangik ng mga tao sa inyong syudad?
- A. Magsagawa ng survey.
 - B. Manood ng balita.
 - C. Magbasa ng diyaryo.
 - D. Mag-internet
17. Ikaw ay isang opisyal ng isang barangay at naatasang maging *speaker* sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang “May Kaunlaran, Basta’t Sama-Sama Tayo”. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?
- A. Ang mga halimbawang ipakikita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
 - B. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.
 - C. Maglalahad ng mga kuwento sa tunay na buhay ukol sa paksa na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga manonood.
 - D. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani-paniwala ang iyong mga manonood.
18. Ikaw ay isang negosyanteng nagnanais na kumita ng malaki sa iyong negosyo. Ano ang iyong gagawin upang lumaki ang iyong kita?
- A. Lalakihan ang puhunan upang maraming produkto ang magawa.
 - B. Mangungutang ng puhunan upang maparami ang tindahan.
 - C. Iaanunsyo ang produkto upang ito ay makilala ng mga mamimili.
 - D. Magdadagdag ng tauhan upang lumaki ang produksyon.
19. Ang pamahalaan ay nagnanais na makamit ang pambansang pangkaunlaran. Anong programa ang dapat nitong ipatupad?
- A. Programang Pang-agraryo
 - B. Programa sa Pagbuuwis
 - C. Programang Pang-ekonomiya
 - D. Programang Pangkalikasan
20. Ang pagkakaroon ng matalinong pagpapasya sa mga sistema ng demand at suplay sa pamilihan ay nagdudulot ng kaunlaran nito. Bilang isang prodyuser, anu-ano ang mga siliraning dapat mong lutasin sa produksyon?
- A. Ano ang gagawin? Para kanino gagawin? Gaano karami ang gagawin?
 - B. Ano ang gagawin? Magkano ang gagastusin? Paano ipapamahagi?
 - C. Paano gagawin? Kailan gagawin? Para kanino ang gagawin?
 - D. Ano ang gagawin? Saan gagawin? Gaano karami ang gagawin?



PAGTUKLAS

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang tungkol sa demand at suplay. Iyong napag-alaman na ang mamimili ay nagnanais makabili ng mga produkto at serbisyong may mababang halaga samantalang ang prodyuser ay mas gustong makapagbenta. Kung ganito ang sitwasyon sa pamilihan, parehong hindi matutugunan ang pangangailangan ng dalawang panig. Kung ganon, kapwa sila hindi makatutulong sa pag-unlad ng pamilihan. Sa modyul na ito ay iyong aalamin kung ***papaano makakamit ang kaunlaran ng pamilihan.*** Upang iyong matuklasan ang sagot sa katanungan na ito, umpisahan mong sagutan at gawin ang gawain sa ibaba.

Gawain 1: Balita Ngayon!

Panuto: Panoorin ang balita ukol sa mga presyo ng bilihin ngayon sa URL link na nasa ibaba at sagutan ang mga pamprosesong tanong ukol dito.



<http://www.gmanetwork.com/news/video/157516/stateofthenation/presyo-ng-karne-ng-baboy-tumaas-dahil-sa-lumaking-demand-at-mababang-supply>

Ito ay bidyo ukol sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa pamilihan.



Sagutin mo ang mga tanong.

6. Ano ang nangyari sa presyo ng baboy?
7. Ano-ano ang mga dahilan ng pagbabago sa presyo ng baboy?
8. Ano ang epekto ng pagtaas ng demand sa baboy?
9. Batay sa balitang napanood, ano ang maaring mangyari kung magpapatuloy ang kakulangan sa suplay ng baboy?
10. Kung ang sitwasyon sa balita ay magpapatuloy, ano ang mangyayari sa kaunlaran ng pamilihan? Ipaliwanag.
11. Sa iyong palagay, paano kaya matutugunan ang ganitong suliranin sa pamilihan?

GAWAIN 2 **Mapa ng Pagbabago**

Panuto: Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Inisyal na bahagi ng IRF Sheet.

Paano nakakamit ang kaunlaran ng pamilihan?	
Initial:	
Revised:	
Final:	

PAGTATAPOS NG PAGTUKLAS:

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating aalamin ang tamang kasagutan sa tanong na ito sa susunod na bahagi ng aralin. Habang ikaw ay nahahambing ng iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman ay iyong mapagtatanto na ito ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng modyul na ito. Ang iyong magiging proyekto sa modyul na ito ay ang paggawa ng isang Market Plan.

Ngayon ay umpisahan na nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng susunod na gawain.



**PAGLINANG/
PAGPAPATIBAY**

Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang interaksyon ng demand at suplay sa kalagayan ng presyo sa pamilihan at ang mga epekto ng shortage at surplus sa presyo at sa dami ng kalakal at paglilingkod sa pamilihan. Ang pag-alam sa mga konseptong ito ay makakatulong sayo upang iyong masagot ang mahalagang katanungan sa modyul na ito na, paano makakamit ang kaunlaran ng pamilihan?

Layunin ng bahaging ito ng modyul na makapagmungkahi ka ng mga paraan ng pagtugon o kalutasan sa mga suliraning dulot ng kakulangan at kalabisan.

Upang iyong malaman ang kasagutan sa mahalagang tanong na ito ay iyong ipagpatuloy na gawin ang modyul na ito.

GAWAIN 3 **Word Express**

Panuto: Upang iyong maunawaan ang pagtalakay sa mga aralin sa modyul na ito, subukan mo munang alamin ang kahulugan ng mga salita na nasa loob ng tsart. Maari kang magsaliksik sa https://www.google.com.ph/?gws_rd=ssl o sa <https://www.wordnik.com/> o sa <http://www.visuwords.com/> .

Ekwilibriyo (Equilibrium)	
Kakulangan (Shortage)	
Kalabisan (Surplus)	
Mamimili (Consumer)	
Nagbibili (Seller)	
Prodyuser (Producer)	
Kompetisyon (Competition)	
Homogenous Products	
Heterogeneous Products	

GAWAIN 4 **Baliktanaw**

Upang iyong maunawaan ang aralin sa modyul na ito, balikan natin ang tungkol sa batas ng demand at suplay. Panoorin ang dalawang bidyo sa baba at pagkumparahin ang epekto ng pagbabago ng presyo sa demand at suplay sa mga mamimili at nagbibili.

BIDYO 1: DEMAND, SUPLAY, PRESYO AT ANG MAMIMILI	BIDYO 2: DEMAND, SUPLAY, PRESYO AT ANG PRODYUSER
<p>https://www.youtube.com/watch?v=euyrEV_PvyM&list=UUnUBeymhZVssIH6D2ZnSU_w</p> <p>Ito ay bidyo ukol sa interaksyon ng demand, suplay, presyo at maimimili.</p>	<p>https://www.youtube.com/watch?v=00xucmhn6Tc&list=UUnUBeymhZVssIH6D2ZnSU_w</p> <p>Ito ay bidyo ukol sa interaksyon ng demand, suplay, presyo at prodyuser</p>



Sagutin mo ang mga tanong.

- Batay sa mga bidyo na iyong napanood, paano nakakaapekto sa demand ng mga mamimili ang pagbabago ng presyo sa mga produkto sa pamilihan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
- Batay sa mga bidyo na iyong napanood, paano nakakaapekto sa suplay ng mga prodyuser ang pagbabago ng presyo sa mga produkto sa pamilihan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
- Sa iyong palagay, ano ang maaring mangyari sa pamilihan kung ang mga mamimili at prodyuser ay hindi nagkakasundo sa itinakdang presyo ng mga produkto sa pamilihan?
- Paano nakakaapekto ang mga mamimili at prodyuser sa kaunlaran ng pamilihan?

GAWAIN 5 **Interaktibong Demand**

Panuto: Ngayong alam mo na kung papaano nakakaapekto ang presyo sa demand ng mga mamimili, subukan mo naman ngayong alamin ang epekto ng elastidad ng presyo ng demand sa kabuuang kita sa pamilihan. I-klik ang URL link na nasa ibaba. Ito ay isang interactive website na naglalaman ng mga graphs ukol sa interaksyon ng demand at presyo. Sundin at gawin ang mga intruksyon sa bawat graph at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<http://www.bized.co.uk/learn/economics/markets/mechanism/interactive/part1.htm>

Ito ay isang interactive website ukol sa epekto ng elasticidad ng presyo ng demand sa pamilihan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nangyayari sa elasticidad ng demand kapag tumataas at bumababa ang presyo ng produkto?
2. Batay sa iyong mga naging kasagutan at obserbasyon sa mga graph, ipaliwanag mo ang relasyon ng elasticidad ng presyo ng demand sa kabuuang kita ng pamilihan.
3. Paano nakakaapekto ang pagbabago ng presyo ng mga produkto sa kaunlaran ng pamilihan?

GAWAIN 6 Interaktibong Demand at Suplay

Panuto: Ngayong alam mo na na ang elasticidad ng presyo ng demand ay mahalaga sa kabuuang kita ng pamilihan, subukan mo naman alamin ngayon ang mga epekto ng mga salik na nakakaapekto sa pagbabago ng kurba ng demand at suplay. I-klik ang URL link sa ibaba. Ito ay isang interactive website na naglalaman ng mga graphs ukol sa mga salik na nakakapagbabago sa kurba ng demand at suplay. Sundin at gawin ang mga intruksyon sa bawat graph at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<http://www.bized.co.uk/learn/economics/markets/mechanism/interactive/part2.htm>

Ito ay isang interactive website na nagpapakita ng mga salik na nakakaapekto sa pagbabago ng kurba ng demand at suplay.

Gawin at sagutin ang mga sumusunod:

1. Gawin ang gawain sa Diagram 4 at sagutin ang talahanayan nito. I-type ito sa Microsoft Word at ipasa sa email ng iyong guro. Batay sa iyong mga naging kasagutan, ano-ano ang mga sitwasyon ang nagpapagalaw sa kurba ng demand sa kanan at kaliwa?
2. Ano ang nagyayari sa presyo ng produkto at demand ng mamimili kapag ang kurba nito ay limilipat sa kanan?
3. Ano ang nagyayari sa presyo ng produkto at demand ng mamimili kapag ang kurba nito ay limilipat sa kaliwa?
4. Gawin ang gawain sa Diagram 8 at sagutin ang talahanayan nito. I-type ito sa Microsoft Word at ipasa sa email ng iyong guro. Batay sa iyong mga naging kasagutan, ano-ano ang mga sitwasyon na nakakapagbababa at nakakapagpataas sa dami ng suplay ng produkto sa pamilihan.
5. Punan ang huling talahanayan sa interactive website na ito. I-type ito sa Microsoft Word at ipasa sa email ng iyong guro. Tandaan na may mga salik na nakakaapekto sa demand at suplay ng bilingin. Mayroon ding mga sitwasyon na nakapagpapabago at nakapagpapagalaw sa kurba ng demand at suplay. Kung gayon, ilarawan mo na ang interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan.

6. Paano nakakaapekto ang interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan?

GAWAIN 7 **Peace Tayo**

Ngayong alam mo na na malaki ang ginagampanan ng mga mamimili at prodyuser sa kaunlaran ng pamilihan, alamin naman natin ngayon kung papaano magkakasundo ang mga mamimili at prodyuser sa pamilihan. Gawin ang susunod na gawain. Panoorin ang nilalaman ng bidyo at sagutan ang gawain ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=W5nHpAn6FvQ>

Ito ay bidyo ukol sa ekwilibriyo sa pamilihan.

<http://economics.about.com/od/market-equilibrium/ss/Supply-And-Demand-Equilibrium.htm>

Ito ay isang interactive website ukol sa ekwilibriyo ng demand at suplay.

1. Batay sa bidyo, ano ang maaaring mangyari kapag mataas ang demand ngunit kakaunti lamang ang suplay ng produkto sa pamilihan?
2. Ano naman ang maaaring mangyari kapag mababa ang demand ngunit marami ang suplay ng produkto?
3. Batay sa bidyo na iyong napanood, paano nagkakaroon ng ekwilibriyo sa presyo ng mga produkto sa pamilihan?
4. Bakit mahalaga ang ekwilibriyo sa presyo ng mga produkto sa pamilihan?
5. Paano nakakaapekto ang ekwilibriyo sa presyo ng mga produkto sa kaunlaran ng pamilihan?

Ngayong alam mo na na mahalaga ang pagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan, alamin mo naman ngayon kung papaano magkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan sa susunod na gawain.

GAWAIN 8 **Dapat Tama**

Panoorin ang nilalaman ng bidyo kung paano kinokompyut ang presyong ekwilibriyo (equilibrium price) ng produkto at gawin at sagutan ang gawain tungkol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=IYZqlOCA9cw>

Ito ay bidyo kung papaano kinokompyut ang ekwilibriyo ng presyo.

<http://economics.about.com/od/market-equilibrium/ss/Calculating-Economic-Equilibrium.htm>

Ito ay isang interactive website na nagpapakita kung papaano kinokompyut ang ekwilibriyo.

Batay sa bidyo na napanood at interactive site na nakita at nabasa, ipakita mo kung papaano kinokompyut ang Ekwilibriyo

“PARAAN NG PAGKOMPYUT NG EKWILIBRIYONG PRESYO SA PAMILIHAN”

$$Q_d = 16 - 1p$$

$$Q_s = -4 + 1p$$

HAKBANG	SOLUSYON
PARAAN NG PAGKOMPYUT NG EQUILIBRIUM PRICE	$E_p =$
PARAAN NG PAGKOMPYUT NG EQUILIBRIUM DEMAND	$Q_d =$
PARAAN NG PAGKOMPYUT NG EQUILIBRIUM SUPPLY	$Q_s =$

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa dayagram na iyong ginawa ano ang halaga ng ekwilibriyong presyo?
2. Ilan ang demand at suplay sa presyong napagkasunduaan ng mamimili at nagbibili?
3. Batay sa iyong mga naunang kasagutan, paano nakakamit ang ekwilibriyo sa pamilihan?

GAWAIN 9 Magsanay Tayo

Gawain 9: Magsanay Tayo!

Panuto: Ngayong alam mo na kung papaano kinokompyut ang presyong ekwilibriyo, subukan mong sagutan ang gawain sa URL link na nasa ibaba. Isulat ang iyong mga kasagutan sa kahon na nasa ibaba. Ipakita ang kumpletong solusyon nito. Gumawa ng graph na nagpapakita ng interaksyon ng kurba ng demand at suplay sa Microsoft Excel at ipasa ito sa email ng guro.

<http://wilcoxen.maxwell.insightworks.com/pages/1921.html>

Ito ay isang pagsasanay kung papaano magkompyut ng ekwilibriyong presyo.

Qd	Ep	Qs
1.		
2.		
3.		

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Tama ba ang iyong mga naging kasagutan sa gawain na ito? Kung “oo”, anu-ano ang mga bagay na iyong ipinamalas upang makuha ang mga tamang kasagutan? Kung “hindi”, sa anong bahagi ka ng pagkokompyut nagkamali? Bakit ka nagkamali?
2. Upang maiwasan ang pagkakamali sa pagkuha ng ekwilibriyong presyo, ano-ano ang dapat tandaan?
3. Batay sa iyong mga naging kasagutan sa talahanayan, kailan mo masasabing may ekwilibriyo sa pamilihan?
4. Paano nakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan ang ekwilibriyo sa demand, suplay at presyo ng mga produkto?

GAWAIN 10 Maging Interaktibo

Panuto: Ngayong alam mo na kung papaano kinokompyut ang presyong ekwilibriyo, subukan naman natin alamin ngayon kung papaano nakakaapekto ang pagbabago ng demand at suplay sa ekwilibriyong presyo. I-klik ang URL link na nasa ibaba. Ito ay isang animated website na nagpapakita ng ugnayan ng demand, suplay at presyong ekwilibriyo. Alamin kung papaano nakakaapekto ang pagbabago ng demand at suplay sa presyong ekwilibriyo sa tulong ng mga graph at sitwasyon sa mga website na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong sa loob ng tsart na nasa ibaba.

<http://www.dineshbakshi.com/interactive-graphs/1362-demand-supply-and-equilibrium-price>

Ito ay isang animated graphs tungkol sa interaksyon ng demand at suplay at ekwilibriyong presyo.

PAGBABAGO NG DEMAND AT SUPLAY	EPEKTO SA EKWILIBRIYONG PRESYO
Tumaas ang demand ngunit ang suplay ay walang pagbabago.	
Bumaba ang demand ngunit ang suplay ay walang pagbabago.	
Tumaas ang suplay ngunit ang demand ay walang pagbabago.	
Bumaba ang suplay ngunit ang demand ay walang pagbabago.	
Kapwa pantay na tumaas ang demand at suplay.	

PAGBABAGO NG DEMAND AT SUPLAY	EPEKTO SA EKWILIBRIYONG PRESYO
Tumaas ang demand ngunit kapantay nitong bumaba ang suplay.	
Tumaas ang demand ngunit mas mababa ang pagbaba ng suplay.	
<i>Nakakaapekto ang demand at suplay sa presyong ekwilibiyo.....</i>	
<i>Ang interaksyon demand, suplay at presyong ekwilibiyo ay nakakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan.....</i>	

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa iyong mga naging kasagutan, ano ang nangyayari sa ekwilibriyong presyo kapag nagbabago ang demand sa pamilihan?
2. Batay sa iyong mga naging kasagutan, ano ang nangyayari sa ekwilibriyong presyo kapag nagbabago ang suplay sa pamilihan?
3. Ilarawan ang interaksyon ng demand, suplay at ekwilibriyong presyo sa pamilihan. Paano ang mga ito nakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan?
4. Paano mapapanatili ng demand, suplay at ekwilibriyong presyo ang kaunlaran sa pamilihan?

GAWAIN 11 Ang Halaga ng Iyong Kaalaman sa Pamilihan

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang interaksyon ng demand, suplay at ekwilibriyong presyo sa pamilihan. Ngayon naman ay subukan mo ng alamin ang lawak ng iyong kakayahan sa pagbabasa ng kurba ng demand, suplay at ekwilibriyong presyo. Sa gawaing ito ay iyo ring masusukat ang lawak ng iyong pagkaunawa ukol sa interaksyon ng demand, suplay at presyo sa pamilihan. I-klik ang URL link na nasa ibaba. Ito ay isang interactive website na tumatalakay ukol sa interaksyon ng demand, suplay at presyo sa pamilihan Sundin ang mga instruksyon nito at sa huling bahagi ng gawain na ito ay may labing apat na mga katanungan. Isulat ang iyong mga kasagutan sa talahanayan sa ibaba at sagutan ang mga katanungan ukol dito. Sa pagsagot ng graph, gwain ito sa mismong website. Kapag tama ang iyong kasagutan, maigagalaw mo ang mga kurba. Ngunit kung mali ang iyong kasagutan, sa ibabang bahagi nito ay may lalabas na paliwanag kung bakit mali ang iyong kasagutan.

<http://www7.esc.edu/fmendels/economics/equilibrium.htm>

Ito ay isang interactive graphs tungkol sa ekwilibriyong presyo

TANONG BILANG:	ANG IYONG KASAGUTAN
1	
2	
3	
4	
5	
6	
7	
8	
9	
10	
11	
12	
13	
14	

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Nagawa mo bang masagutan ng tama ang lahat ng katanungan sa gawain na ito? Kung oo, anong kaalaman ang iyong isinaalang-alang sa pagsagot ng mga katanungan sa gawain na ito? Kung hindi, sa ano-anong bilang ka nagkamali? Ano-anong panibagong kaalaman ang iyong natutunan mula sa iyong mga maling kasagutan?
2. Batay sa iyong mga naging kasagutan, sa anu-anong sitwasyon nagbabago at gumagalaw ang kurba ng demand?
3. Ano ang nangyayari sa ekwilibriyong presyo kapag nagbabago at gumagalaw ang kurba ng demand?
4. Batay din sa iyong mga naging kasagutan, sa anu-anong sitwasyon nagbabago at gumagalaw ang kurba ng suplay?
5. Ano ang nangyayari sa ekwilibriyong presyo kapag nagbabago at gumagalaw ang kurba ng demand?
6. Batay sa iyong mga naging kasagutan sa gawain na ito, ano-ano ang mga kaalamang dapat nating tandaan upang mapanatili ang ekwilibriyo sa pamilihan?
7. Makakatulong baa ng mga kaalamang ito upang makamit ang kaunlaran sa pamilihan? Ipaliwanag ang iyong kasautan.

GAWAIN 12 Tinimbang Ngunit Kulang o Sobra!

Ngayong alam mo na kung papaano nagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan, alamin naman natin ang maaring mangyari kung walang ekwilibriyo sa pamilihan. Panoorin ang nilalaman ng URL link na nasa ibaba at gawin at sagutan ang gawain ukol dito.


<https://www.youtube.com/watch?v=nCYDkTL2-U0>

Ito ay bidyo ukol sa surplus at shortage

<http://www.econport.org/content/handbook/Equilibrium/surplus-and-shortage.html>

Ito ay bidyo ukol sa surplus at shortage

SANHI AT BUNGA



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa bidyo at teksto na iyong nabasa, kailan walang ekwilibriyo sa pamilihan?
2. Bakit nagkakaroon ng kakulangan o shortage sa pamilihan?
3. Bakit nagkakaroon ng kalabisan o surplus sa pamilihan?
4. Makakaapekto ba ang kakulangan at kalabisan ng mga produkto sa kaunlaran ng pamilihan? Ipaliwanag.

GAWAIN 13 **Comparative Static Analysis**

Panuto: Ngayong alam mo na kung ano ang shortage at surplus, subukan natin ang iyong pagkaunawa ukol sa paksang ito. I-klik ang URL link na nasa ibaba. Ito ay isang interactive website na naglalaman ng mga graphs ukol sa interaksyon ng demand, suplay at ekwilibriyo sa pamilihan. Sundin at gawin ang mga intruksyon sa bawat graph at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

<http://www.bized.co.uk/learn/economics/markets/mechanism/interactive/part3.htm>

Ito ay isang interactive website na naglalaman ng mga graphs ukol sa interaksyon ng demand, suplay at ekwilibriyo sa pamilihan.

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa mga datos, ano ang panibagong kaalamang iyong natutunan tungkol sa shortage at surplus?
2. Alam na natin na ang demand at suplay ay nagbabago sa pamilihan. Ngunit ano nga ba ang mga maaaring mangyari sa pamilihan kapag nagbabago ang mga salik na nakakaapekto sa demand at suplay?
3. Ano ang pinagkaiba ng pagbabago ng kurba sa paggalaw sa kurba ng demand o suplay?
4. Bakit mahalagang konsepto ang elasticidad ng presyo sa pagsusuri ng mga pagbabago sa mga salik na nakakaapekto sa demand o suplay sa pamilihan?
5. Ano ang prinsipyong *ceteris paribus*? Bakit ito mahalaga sa pagsusuri ng pamilihan?
6. Ang sitwasyong *ceteris paribus* ba ay nakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan? Sa paanong paraan?
7. Paano nakakatulong ang kaalaman sa sitwasyong *ceteris paribus* sa paglutat ng mga suliranin sa demand at suplay sa pamilihan at pagkamit ng kaunlaran sa pamilihan?

GAWAIN 14 Special Report

Panuto: Ngayong alam mo na na maaring magdulot ng kakulangan o shortage at ang kalabisan o surplus ng mga produkto sa pamilihan kung hindi magkakasundo ang mga mamimili at prodyuser. Maliban sa hindi pagkakasundo ng mamimili at prodyuser sa pamilihan, may ilan pang dahilan kung bakit nagkakaroon ng kakulangan sa pamilihan. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong tutuklasin ang ilan pa sa mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng kakulangan sa pamilihan. Panoorin ang nilalaman ng bidyo sa URL link na nasa ibaba at gawin at sagutan ang gawain ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=tZps6pG7EQE>

Ito ay bidyo ukol sa artipisyal na kakulangan sa bigas, asukal at luya.

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa bidyo, ano ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng artipisyal na kakulangan sa pamilihan?
2. Ano ang cartel at hoarding?
3. Paano naapektuhan ng cartel at hoarding ang kaunlaran ng pamilihan?

GAWAIN 15 Tinimbang Ngunit Kulang o Sobra

Panuto: Ngayong alam mo na na maaring magdulot ang cartel at hoarding ng kakulangan sa pamilihan. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang mga epekto ng kakulangan at kalabisan sa pamilihan. Panoorin at basahin ang mga nilalaman ng mga URL link na nasa ibaba at gawin at sagutan ng gawain ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=APUrVaG0qW4>

Ito ay bidyo ukol sa mga epekto ng surplus at shortage sa pamilihan.

<https://www.boundless.com/economics/introducing-supply-and-demand/market-equilibrium/impacts-of-surpluses-and-shortages-on-market-equilibrium/>

Ito ay bidyo ukol sa mga epekto ng surplus at shortage sa pamilihan.

MGA EPEKTO NG KAKULANGAN AT KALABISAN SA DEMAND AT SUPLAY

DISEKWILIBRIYO	EPEKTO SA DEMAND	EPEKTO SA SUPLAY
<p>SHORTAGE / KAKULANGAN</p>		
<p>SURPLUS / KALABISAN</p>		

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa dayagram na iyong ginawa, papaano nakakaapekto ang shortage o kakulangan sa demand?
2. Papaano nakakaapekto ang shortage o kakulangan sa presyo ng mga bilihan?
3. Ano ang maaring maganap sa mga mamimili sa pamilihan kung mayroong shortage o kakulangan?
4. Papaano nakakaapekto ang shortage o kakulangan sa suplay?
5. Sa iyong palagay, kapag may shortage o kakulangan sa pamilihan, kikita pa rin ba ang mga prodyuser? Ipaliwanag.
6. Papaano naman nakakaapekto ang surplus o kalabisan sa demand?
7. Papaano nakakaapekto ang surplus o kalabisan sa presyo ng mga bilihan?
8. Ano ang maaring maganap sa mga mamimili sa pamilihan kung mayroong surplus o kalabisan?
9. Papaano nakakaapekto ang surplus o kalabisan sa suplay?
10. Sa iyong palagay, kapag may surplus o kalabisan sa pamilihan, kikita pa rin ba ang mga prodyuser? Ipaliwanag.
11. Batay sa iyong mga kasagutan, papaano nakakaapekto sa kaunlaran ng pamilihan ang interaksyon ng demand at suplay kapag may kakulangan o kalabisan?

GAWAIN 16 **Resolusyon ang Dapat**

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga epekto ng kakulangan at kalabisan sa pamilihan. Sa bahaging ito ng modyul ay iyo namang aalamin kung papaano matutugunan ang kakulangan at kalabisan sa pamilihan. Basahin at panoorin ang nilalaman ng mga URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang mga gawain ukol dito.

<http://elearning.la.psu.edu/econ/102/unit-3/equilibrium-point-and-equilibrium-price>

Ito ay teksto kung papaano matutugunan ang kakulangan at kalabisan sa pamilihan.

<http://www.sparknotes.com/economics/micro/supplydemand/equilibrium/section2.rhtml>

Ito ay teksto kung papaano matutugunan ang kakulangan at kalabisan sa pamilihan.

<https://www.youtube.com/watch?v=XgBPAucs-W4&index=16&list=PL336C870BEAD3B58B>

Ito ay bidyo kung papaano matutugunan ang kakulangan at kalabisan sa pamilihan.

MGA SOLUSYON SA SHORTAGE AT SURPLUS

SOLUSYON	KAHULUGAN	BINIBIGYAN NG PROTEKSYON	EPEKTO SA PAMILIHAN
PRICE CEILING			
PRICE FLOOR			

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa mga datos na iyong nabasa at napanood, paano matutugunan ang kakulangan at kalabisan sa pamilihan?
2. Sino sa palagay mo ang may pinakamalaking papel sa pamilihan upang matugunan ang mga suliranin sa kakulangan at kalabisan? Bakit?
3. Bakit mahalagang magkaroon ng price ceiling price floor sa pamilihan?
4. Ano ang maaring mangyari sa pamilihan kung walang nagkokontrol dito?
5. Paano nakakatulong ang price ceiling at price floor sa kaunlaran ng pamilihan?
6. Paano nakakatulong ang gobyerno sa kaunlaran ng pamilihan?

TANDAAN!

Kung ang presyo ng mga bilihin sa pamilihan ay mataas, ang mga mamimili ay magbaba ng kanilang demand samantalang ang mga prodyuser naman ay magtataas na kanilang suplay. Ito ay nagdudulot ng surplus o kalabisan sa pamilihan. Kapag mababa ang presyo ng mga bilihin sa pamilihan, mas marami ang binibili ng mga tao, samantalang kung magbababa ng suplay ang mga prodyuser. Ito ngayon ay nagdudulot ng shortage o kakulangan. Ang kaunlaran ng pamilihan ay nakasalalay sa mga mamimili, prodyuser at gobyerno.

GAWAIN 17 **Paglalahat**

Panuto: Ngayong alam mo na ang konsepto ng shortage, surplus, price ceiling at floor price, subukan na natin ang lawak ng iyong pagkaunawa ukol sa mga paksang ito. I-klik ang URL link na nasa ibaba. Gawin ang mga instruksyon sa mismong website sa pagsagot ng graph. Suriin ang mga nangyari sa kurba ng demand, suplay at ekwilibriyo kapag may shortage at surplus sa pamilihan. Isulat ang iyong mga kasagutan sa talahanayan sa ibaba sa mga tanong na nasa “3.1 Graphing Exercise: Supply and Demand” at sa 3.2 Graphing Exercise: Price Floors and Ceilings. Matapos masagutan ang mga tanong sa website na ito, suriin moa ng iyong mga kasagutan sa talahanayan at sagutin ang mga katanunan ukol dito.

http://novellaqalive.mhhe.com/sites/0073273090/student_view0/chapter3/interactive_graphs.html

Ito ay isang interactive website ukol sa interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan

“3.1 Graphing Exercise: Supply and Demand”

Tanong Bilang..	Ang Iyong Kasagutan
1	
2	
3	
4	

3.2 Graphing Exercise: Price Floors and Ceilings

Tanong Bilang..	Ang Iyong Kasagutan
1	
2	
3	

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa iyong mga kasagutan sa talahanayan sa itaas, paano matutugunan ang kakulangan o shortage sa pamilihan? Makatarungan ba ang pamamaraan na ito? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
2. Batay din sa iyong mga kasagutan sa talahanayan sa itaas, paano matutugunan ang kalabisan o surplus sa pamilihan? Makatarungan ba ang pamamaraan na ito? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

3. Upang matugunan ang mga suliraning kaugnay ng demand, suplay, ekwilibriyong presyo, kakulangan, kalabisan, price ceiling at floor price, bumuo ka ng paglalahat batay sa iyong mga kasagutan sa talahanayan sa itaas ukol sa ugnayan ng mga ito sa isat-isa.
4. Anong mahalagang konsepto ang dapat matutunan at maunawaan ng mga mamamayan ukol sa demand, suplay, ekwilibriyong presyo, kakulangan, kalabisan, price ceiling at floor price upang makamit ang kaunlaran sa pamilihan?

GAWAIN 18 EcoQuiz

Panuto: Ngayong alam mo na ang tungkol sa interaksyon ng demand at suplay subukan na natin ang iyong ang lawak ng iyong kaalaman ukol dito. I-klik ang URL lin sa ibaba. Ito ay isang maikling pagsusulit ukol sa interaksyon ng demand at suplay. Sagutin ang mga tanong at i-screen shot ang resulta ng iyong pagsusulit at ipadala sa email ng iyong guro.

<http://www.econweb.com/MacroWelcome/sandd/quiz/>

Ito ay isang interactive quiz ukol sa interaksyon ng demand at suplay.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang iskor na iyong nakuha sa gawain na ito?
2. Kung hindi mo nasagot ng tama ang lahat ng katanungan, sa anong bilang ka nagkamali? Ano ang paksa sa tanong? Anong bahagi ng paksa ang hindi mo naunawaan kung kayat hindi mo nasagutan ng tama ang tanong?
3. Lubos mo na bang nauunawaan ang interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan? Patunayan.
4. Punan ang graphic organizer sa ibaba na nagsasaad ng iyong kaalaman ukol sa interaksyon ng demand at suplay. Sa unang hanay ay nakasulat ang mga paksang tinalakay ukol sa interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan. Lagyan ng tsek ang hanay na nagsasaad ng iyong kaalaman at saloobin ukol sa paksa.

PAKSA	KAYANG IBAHAGI SA IBA 	LUBOS NA NAUUNAWAAN 	KAILANGAN PA NG TULONG 
Batas ng Demand			
Baras ng Suplay			
Ekwilibriyong Presyo			
Kakulangan			
Kalabisan			
Price Ceiling			
Floor Price			

GAWAIN 19 **Liham**

Panuto: Ngayong alam mo na ang tungkol sa interaksyon ng demand at suplay subukan na natin ang lawak ng iyong pagkaunawa tungkol dito. Basahin ang liham ng isang kumpanyang humihingi ng tulong ukol sa pagtatakda ng presyo ng kanilang produkto. Matapos mong basahin ang liham, sagutan ang katanungan ukol dito.

Dear Economist,

Ang aking kompanyang Go-Go Gadget ay makikita sa ibat-ibang pamilihan hindi lang sa bansa pati sa buong daigdig. Ang aming mga produkto ang siyang pinaka may mataas na kuwalidad sa lahat. Subalit sa kasalukuyan, kami ay may dalawang warehouse the puno pa rin ng stocks nito dagdag pa ang mga hindi pa nabibili sa aming mga tindahan. Nais naming malamang kung bakit hindi nabenta ito.

Nagpunta kami sa pamilihan at nagconduct ng survey kung kailangan ng mga tao ng gadget at ang sagot ng karamihan ay hindi nila ito kailangan ngunit aming ipinaliwanag sa mga tao ang kagandahan at kahalagahan nito kung kayat kami at nagtiwala na mabebenta ito. Ibinenta naming ito sa halagang P500. Ngunit 100 piraso lamang nito ang nabenta.

Ipinayo ng aking marketing consultant na iadvertise naming ang produkto sa pamamagitan ng pagkuha ng isang sikat na endorser. Naging mabenta ang aming produkto sa halagang P500 pa rin at naubos ang mga ito. Dinoble namin ang aming produksyon sa pag-aakalang mabebenta pa rin ang lahat ng ito. Ngunit sa ngayon ay hindi na ito nabebenta at ang aming negosyo ay nalulugi sapagkat ang lahat ng aming capital ay napunta lahat sa cost ng production ng dinoble naming ito. Ninais naming ibaba ang presyo nito ngunit hindi na namin magagawa sapagkat mataas ang cost ng production namin. Sa katunayan itinaas pa naming kamakailan ang presyo nito sa halagang P600. Naway, matulungan mo kami na masuluyunan ang problema ng aming kumpanya.

Lubos na Gumagalang,

Mr. Randell Go

Sagutin mo ang tanong.

Batay sa liham, bakit hindi nabili ang mga produkto ng Go-Go gadget? Sa paanong paraan ito masusuluyonan? Gumawa ka ng liham para kay G. Randell Salazar na nagpapaliwanag kung bakit hindi naging mabili ang kanyang produkto at magbigay ng suhestiyon kung papaano matutugunan ang kanyang suliranin.

GAWAIN 20 Alam Ko Na

Gawain 20: ALAM KO NA!

Panuto: Ngayong tapos ka na sa bahaging ito ng modyul, punan ang hinihiling ng bawat kahon.

3 Bagay na natutunan mo sa paksa

2 terminolohiya na lubos mong naunawaan

1 bagay na nais pang palawakin. (ilista ang sagot at i-post sa discussion board nang malaman ng guro)

GAWAIN 21 Mapa ng Pagbabago

Panuto: Natapos mo na ang mga gawain sa bahaging ito ng modyul. Nalaman mo na kung papaano nakakaapekto ang intekasyon ng demand at suplay sa kaunlaran ng pamilihan. Ano na ngayon ang iyong bagong kaalaman ukol sa interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan? Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Revised na bahagi ng IRF Sheet.

Paano nakakamit ang kaunlaran ng pamilihan?	
Initial:	
Revised:	
Final:	

PAGTATAPOS NG PAGLINANG:

Sabahaging ito ng modyul ay iyong nalaman ang tungkol sa interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan. Balikan mo ang iyong dating kaalaman ukol sa ikaunlaran ng pamilihan at iyong pagkumparahin ang iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman? Natalakay ba ang lahat ng iyong dating kaalaman sa parteng ito ng modyul? Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit sa modyul na ito.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Ngayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan na susunod na bahagi ng modyul na ito.



PAGPAPALALIM

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mahahalagang konsepto ukol sa interaksyon ng demand at suplay sa pamilihan. Sa bahaging ito ng aralin, ikaw ay inaasahan na kritikal na makapagsusuri ng mga datos at makapagpamalas ng matalinong pagdedesisyon ukol sa sistema ng pamilihan at mga istraktura

GAWAIN 22 Ang Pamilihan

Panoorin ang nilalaman ny URL link sa ibaba ukol sa pamilihan. Gumawa ng bubble map na nagpapakita ng mga katangian ng pamilihan sa <https://www.draw.io/> . Isave ang file na iyong at ipasa ito sa email ng iyong guro. Matapos mo itong gawin ay sagutan moa ng mga katanungan ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=5tF6W4OR5yU&list=PL336C870BEAD3B58B&index=11>

Ito ay bidyo ukol sa kahulugan ng konsepto ng pamilihan at mga katangian nito.

<http://www.policonomics.com/lp-market-structures-market-structure/>

Ito ay isang artikulo ukol sa pamilihan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang pamilihan?
2. Ano-ano ang bumubuo sa pamilihan?
3. Paano naiiba ang pamilihan sa isang palengke?
4. Maaari bang magkaroon ng pamilihan kahit walang palengke?
5. Kailan masasabing nagkakaroon ng pamilihan?
6. Anu-ano ang mga gawaing makikita sa pamilihan?
7. Ano ang kahalagahan ng mga mamimili sa pamilihan? Ipaliwanag.

8. Ano ang kahalagahan ng mga nagbibili sa pamilihan? Ipaliwanag.
9. Bakit mahalaga ang mga mamimili at nagbibili sa kaunlaran ng pamilihan?

GAWAIN 23 Pamilihan. paano ka nagawa?.

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga katangian ng isang pamilihan. Ngayon naman ay iyong alamin kung papaano nabuo ang isang pamilihan. Panoorin ang nilala ng bidyo sa URL link na nasa ibaba. Gumwa ng sequence graphic organizer sa <https://www.flickr.com/> . Isave ang file at ipasa ito sa iyong guro. Matapos mo itong gawain ay iyong sagutan ang mgga katangian ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=s8K7kNfBCDk>

Ito ay bidyo tungkol sa kung paano nabuo ang pamilihan at mga katangian nito.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano nabuo ang sistema ng pamilihan?
2. Bakit mahalaga ang pamilihan sa pamayanan?
3. Paano nakakatulong ang pamilihan sa kaunlaran ng pamayanan o ng isang bansa?
4. Batay sa bidyo na iyong napanood, paano mo masasabing maunlad ang isang pamilihan?

GAWAIN 24 Ikaw, Ako at Tayo sa Pamilihan.

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman kung papaano nabuo ang pamilihan. Ngayon naman ay iyong aalamin ang ibat-ibang istraktura ng pamilihan. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng mga URL links na nasa ibaba at gawain at sagutan ang mga gawain ukol dito.

<https://www.youtube.com/watch?v=FZMUaHM1Yrk>

Ito ay bidyo ukol sa ibat-ibang istraktura ng pamilihan

<https://www.youtube.com/watch?v=9Hxy-TuX9fs>

Ito ay bidyo ukol sa iba-ibang istraktura ng pamilihan

<http://www.policonomics.com/lp-market-structures-market-structure/>


Ito ay teksto tungkol sa ibat-ibang istraktura ng pamilihan.

<http://www.bized.co.uk/sites/bized/files/images/marketstructuremap.gif>

Ito ay dayagram na nagpapakita ng mga istraktura ng pamilihan.

<http://www.econedlink.org/interactives/EconEdLink-interactive-tool-player.php?iid=208&full>

Ito ay bidyo ukol sa iba-ibang istraktura ng pamilihan



MGA ISTRUKTURA NG PAMILIHAN

Istruktura ng Pamilihan	Uri ng Pamilihan	Dami ng Kalahok	Dali o Hirap ng Pagpasok sa Pamilihan	Uri ng Produkto	May Anunsyo o Wala
Ganap na Kompetisyon					
Monopolyo					
Oligopolyo					
Monopilistikong Kompetisyon					
Monopsonyo					
Oligopsonyo					

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga istrakturang para sa mamimili o konsyumer?
2. Ano-ano naman ang istrakturang para sa konsyumer?
3. Batay sa dayagram, anong istraktura ng pamilihan mayroon ang Pilipinas?
4. Kung ikaw ang papipiliin ng istraktura ng pamilihan na papairalin sa inyong pamayanan, ano ang pipiliin mo? Bakit?
5. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pagkakaroon ng istraktura ng pamilihan sa isang bansa?
6. May kaugnayan ba ang istraktura ng pamilihan sa pagtatakda ng presyo sa pamilihan? Ipaliwanag ang sagot.
7. Alin sa mga istraktura ng pamilihan ang pinakamainam?
8. Papaano nakakaapekto ang ibat-ibang istraktura ng pamilihan sa kaunlaran nito?

GAWAIN 25 Subukan Mo!

Ngayong alam mo na ang ibat-ibang istraktura ng pamilihan, subukan na natin ang iyong kaalaman tungkol dito. Iclick ang mga URL link na nasa ibaba. Sagutan ang mga katanungan dito. I-screen shot ang iyong iskor at ipasa ito sa email ng iyong guro.

<http://www.econedlink.org/interactives/EconEdLink-interactive-tool-player.php?iid=208&full>

Ito ay isag interactive quiz tungkol sa mga istraktura ng pamilihan.

<http://global.oup.com/us/companion.websites/9780199397129/student/chapt9/multiplechoice/>

Ito ay isag interactive quiz tungkol sa mga istraktura ng pamilihan.

GAWAIN 26 Magsanay Tayo!

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na mga produkto sa loob ng talahanayan. Lagyan ng tsek ang kahon sa ilalim ng katangiang mayroon ang produkto.

Mga Produkto	Walang kapareho sa pamilihan o malapit na pamalit sa pamilihan	May iba pang pamalit na produkto sa pamilihan	Isa lamang ang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto	May iba pang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto
Coke				
Kuryente				
Bigas				

GAWAIN 27 **Karbonada**

Panuto: Ngayong alam mo na ang ibat-ibang istraktura ng pamilihan, subukan na natin ang iyong kaalaman tungkol dito. I-click ang mga URL links na nasa ibaba. Ito ay wesites ng mga kilalang Softdrinks. Pag-aralan ang lahat ng detalye tungkol sa mga produktong ito at sagutin ang mga kataungan ukol dito.

	<p>http://www.coca-colacompany.com/our-company/ Ito ay website ng Coke</p>
	<p>https://www.pepsiphilippines.com/ Ito ay website ng Pepsi</p>
	<p>http://www.drpeppersnapplegroup.com/ Ito ay website ng Dr. Pepper</p>

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Saan nagkakatulad ang Coke, Pepsi at Dr. Pepper?
2. Anong uri ng organisasyong pangnegosyo ang Coke, Pepsi at Dr. Pepper? Ipaliwanag
3. Anong uri ng istraktura ng pamilihan ang industriya ng softdrink? Ipaliwanag.
4. Pagkumparahin ang presyo ng mga Softdrink. Nagkakatulad ba sila sa presyo o hindi? Bakit?
5. Basahin ang nilalaman ng datos sa <https://www.msu.edu/~howardp/softdrinks.html> . Anong kumpanya ang may pinakamarami ang bumubuo?

6. Basahin ang nilalaman ng datos ng mga softdrinks sa <http://www.therichest.com/rich-list/most-popular/the-top-10-bestselling-soft-drinks/> . Anong kumpanya ng softdrink ang nagunguna? Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit ito nangunguna?
7. Tignan ang nilalaman ng datos sa <http://adage.com/article/news/consumers-drink-soft-drinks-water-beer/228422/> . Anong uri ng inumin ang madalas inumin ng mga tao sa America?
8. Basahin ang nilalaman ng datos sa <http://www.remate.ph/2012/07/softdrinks-masama-at-mabuting-epekto-sa-katawan-ng-tao/> . Bakit marami pa rin ang tumatangkilik nito bagamat mayroon itong hindi magandang epekto sa kalusugan ng tao?
9. Paano napapanatili ng mga kumpanya ng softdrink ang kanilang mga negosyo?
10. Batay sa iyong mga unang naging kasagutan, ano-ano ang mga salik na nakakapagpaunlad sa pamilihan? Gaano ang mga ito kahalaga sa kaunlaran ng pamilihan?

GAWAIN 28 Dapat Tama

Sa iyong palagay, anong istraktura ng pamilihan ang nararapat sa mga produktong nasa loob ng talahanayan sa ibaba. Ipaliwanag kug papaano ito magiging parehas na paborable sa mga konsyumer at prodyuser. Iyong isaalang alang din ang iba pang konsiderasyon bukod sa kita ng prodyuser at matitipid ng konsyumer. Isulat ang iyong kasagutan sa katapat nitong kahon.

PRODUKTO	NARARAPAT NA ISTRAKTURA NG PAMILIHAN
Bigas	
Tubig	
Gasolina	

Level 3

GAWAIN 29 Production Cost Plan and Projected Income


Panuto: Ikaw ang production consultant ng iyong kumpanyang pinagtatrabahuhan. Ikaw ay naatasang gumawa ng plano ng gastusin at inaasahang kita sa produktong T-shirt ng inyong kumpanya. Ikaw ay my capital na P500, 000. Gawin ang iyong mga chart at graph sa <http://oomfo.com/>.

Gawin sa **Microsoft Word** ang iyong plano. Matapos mong magawa ang plano, isubmit ang iyong file sa email ng iyong guro at sagutan ang mga katanungan ukol dito.

1. Gaano karami ang t-shirt na iyong ipoprodyus? Bakit?
2. Paano mo ipoprodyus ang mga ito? Bakit?
3. Para kanino mo ito ipoprodyus? Bakit?
4. Saang istraktura ng pamilihan mo itatayo ang inyong kumpanya? Bakit?
5. Batay sa mga natalakay sa modyul na ito, ang kapangyarihang bumili (purchasing power) ng mga konsyumer at laki ng kita o tubo ng isang prodyuser ang mga pangunahing konsiderasyon sa pagtugon ng kaunlaran ng pamilihan. Tama bang ito ang pangunahing konsiderasyon ng pamilihan? Ipaliwanag.

GAWAIN 30 Bubble Map

Ngayon alam mo na ang mga katangian ng ibat-ibang istraktura ng pamilihan, isulat mo ang magagandang katangian ng bawat istraktura ng pamilihan sa bubble map na nasa ibaba at bumuo ka pangalan ng panibagong uri ng istraktura ng pamilihan na sa tingin mo ay makakatulong upang mapaunlad ang pamilihan at ang pamumuhay ng mga mamamayan sa isang estado.



GAWAIN 31 Pagbagsak ng Pamilihan

